


# *BUHAY NA WALANG HANGGAN AT KUNG PAPAANO ITO MATATANGGAP*

 . . . dito ngayong gabi, para makapakinig ng mga patotoong ito, at iba't ibang mga pagpapahayag ng pasasalamat sa Diyos, tungkol sa kung naging ano ba Siya sa kanila sa nagdaang taon na ito. At nais kong idagdag maging ang sarili ko ring patotoo na maisama sa kanila. Binubulay ko nga, 'yung patotoo nung mga kapatid na babae riyang patungkol sa "tinapay na inihasuk sa tubig." At 'yung kay Kapatid na Slaughter. At kay Kapatid na Graham, na binanggit niya dun 'yung patungkol sa panahon "kung kailan ang pag-ikot ng mga ruweda ng mortal na buhay na ito'y tuluyang huminto na." Marahil dito'y di nauunawaan, pero Doon, sa harap ng Luklukan, nababatid nga ng Diyos ang lahat ng mga bagay na ito.

<sup>2</sup> Kaya sadyang heto po tayo sa gabing ito na para . . . Di po ako naniniwala sa pabuklat-buklat ng bagong pahina, o parang ganoon, ako'y . . . haya't ibabalik n'yo rin kasi 'yun sa susunod na araw. Pero kung magagawa lang natin na lumapit at ibigay ang ating sarili sa Diyos, para sumamba, at pasalamat Siya sa mga bagay na ating . . . kung naging ano nga ba Siya sa atin, at hilingin sa Kanya na magpatuloy pang sumama sa atin, ay 'yan nga ang pinaka magandang bagay.

<sup>3</sup> Medyo pagod po ako sa gabing ito. May mga nakasama ako kagabi, mga kasamahan, at ako, buweno, ako—ako nga'y gising nang halos magdamag. At ngayon naparito nga kami, na gising buong maghapon, at kaya heto ngang medyo nakakaramdam ako ng pagod. At kaya di po ako magtatagal dito sa entablado.

<sup>4</sup> Haya't gusto ko na pong ibigay ang pulpito kay Kapatid na Funk, at siya po ang ating tagapagsalita. At tapos si Kapatid na Wood, sa palagay ko, ang kasunod pagkatapos niya. At heto nga, kaya nga po, kung sila po'y magnanais na manatili muna. Haya't ang sabi niya, kanina, huwag ko raw sabihin 'yun dito. Pero, hayan nga, nasabi ko na po. Kaya naman nakikita ko si Kapatid na Funk na nakaupo riyang sa likod, iniling tuloy ang kanyang ulo. Isa lang po 'yung kaunting biro sa kanya, mga kapatid. At, pero, 'yun—'yun po mismo ang mangyayari, sila po'y binigyan ng pribilehiyo na makapangusap maya-maya pagkatapos, sa—sa ilang minuto.

5 At heto nga po't marami tayong tagapagsalita sa gabing ito, alam n'yo. Hayan nga't may tatlong oras pa tayong natitira, at kaya susubukan natin na madaliin ito sa abot ng makakaya natin. Minsan . . .

6 Kaunting bagay lang na gusto ko pong sabihin sa oras na ito, patungkol dun sa patotoo ng kapatid na babae riyan. Si Kapatid na babaing Leopard, 'yun sa palagay ko, ang pangalan po niya.

7 May kaunti akong ginawang bagong patakaran dito, gaya ng nalalaman n'yo na, nitong huling ilang linggo, o, tungkol sa pagtawag ng mga tao sa opisina. At pagkatapos—at pagkatapos si Kapatid na Cox po at ang iba pa sa kanila ay sasabihin nila sa akin kung ano 'yung itinawag na suliranin, anupaman 'yun. At hahayaan akong puntahan 'yun sa batayan ng kung ano nga ba ang pangunguna sa akin na pumunta. At, oh, siyanga po, sa ganoong paraan dapat talaga gawin 'yun.

8 Nung isa pong umaga, ako . . . tinitingnan ko kung ano na ang mga naroon, at maraming iba't ibang tawag. May Kapatid na babaing Lake, at 'yung anak niyang lalaki'y naaksidente. Sa tingin ko nabanggit 'yun sa akin ni Kapatid na Cox . . . Kapatid na Cox. At ang sabi'y tinanggal daw 'yung lapay, at ang bata'y nakaratay na halos mamamatay na. At mayroon ding isa pang kapatid na lalaki na nakasama ko noon sa kabundukan, itong taon na ito sa isang biyahe, at nakaratay daw siya, nagdurugo siya sa bandang bituka niya, marahil kanser. At sa California, talaga pong kung saan-saan, haya't napakaraming iba't ibang mga tao ang may karamdaman. At kararating ko lang noon galing sa pananalangin.

9 At nung pagpasok ko, at ako . . . Binanggit sa akin ng asawa ko na tumawag si Kapatid na Slaughter, patungkol sa parang maliit po yatang . . . o, si Kapatid na babaing Slaughter po pala, tungkol sa, sa isang batang babae na dinala roon nung isang Linggo. Pumasok nga ako sa silid at naupo.

10 Sa isip-isip ko, "Buweno, Minamahal na Diyos, heto po ang lahat ng mga kasong iniharap sa akin," at ipinapanalangin ko ngang lahat 'yun. "At—at ano pong nais Mo na gawin ko rito?"

At para bang may naririnig akong isang bagay patungkol sa "isang munting sanggol."

11 Buweno, bumaling ako para matingnan, matingnan kung mayroon ba kami roon na patungkol sa isang munting sanggol. At aking—aking tinawagan si Kapatid na babaing Cox, para malaman ko kung mayroon nga kami roon na patungkol sa isang munting sanggol. Mistula ngang walang nakakaalam patungkol sa isang munting sanggol. Di 'yun isang pangitain. Bagkus isang pag-uudyok ng Espiritu, na puntahan ang isang munting sanggol, patungkol sa "isang munting sanggol," na may sakit. Buweno, 'yung tanging bagay lang na sa tingin ko'y, halos malapit na roon, ay 'yung sanggol na sinasabi nila, na naroon

daw sa Kentucky. Buweno, para ngang hindi 'yun 'yun, nung banggitin nila 'yun, tila ba di saktong pag-sasalawanan nun, siyanga. At ako nga'y . . . naisip ko, marahil, may pangitain siguro na lilitaw na lang sa ano mang saglit. Pero wala nga, walang lumitaw na pangitain. At pinagbubulay ko po 'yun.

<sup>12</sup> Bumalik na ako sa silid ko, na mag-isa, para manalangin. At naisip ko, “Nasaan kaya, ang sanggol na 'yun, ngayon? May dako ba na maisip ko kung nasaan na 'yung sanggol na 'yun?”

<sup>13</sup> At nung nakaraang Linggo, o nung isa pang Linggo nung sanglinggong nagdaan, o para pong ganoon, nakaupo nga ako roon. At may maliit na batang babae na dumaaan, bumulong sa tainga ko, sa likuran ko, ang sabi, “Ipanalangin mo po ang kapatid kong babae, kapatid kong babaing sanggol.” At 'yung munting anak na babae ng mga Leopard po ito. Marahil narito siya ngayong gabi; di ko lang po alam. Siya'y napakaliit na batang bulinggit, na nakatutuwang, batang babae.

<sup>14</sup> At saktong namang bumaling ako. Sabi ko, “Sige, iha,” para pong ganoon. At kaya iniyuko ko 'yung ulo ko nang paganoon at nagsimula na akong manalangin para sa sanggol na 'yun. At ganoon lang po, nakalimutan ko na nga 'yun.

<sup>15</sup> At nung bigla ko na lang naalala 'yun, may kung anong bagay na nangyari, at batid ko nga dun pa lang na ang Diyos nga 'yun mismo.

<sup>16</sup> Kaya pagkatapos ay lumakad na ako't tinanong ko kay Meda kung saan—saan sila nakatira. At di nga niya alam kung saan ba eksakto, kaya hinanap namin dun sa talaan ng mga numero ng telepono at nakuha namin ang numero nila. At—at sabi ko, “May kung ano . . . At may sanggol nga sila dun na may sakit, sa paniwala ko. O, nung isa pang linggo, o parang ganun, mga sanglinggo o sampung araw ang nakararaan, may sanggol sila dun na may sakit.” Kaya sabi ko, “May kung anong bagay nga dun. Ngayon antabayanan mo.”

<sup>17</sup> At tinawagan ko at wala namang sumagot. Buweno, kaya tumawag ako kay Gng. Cox, at nakausap ko ang—ang ginang dito, ang kanyang nanay. At—at kaya hetong natawagan ko ang kanyang nanay, at ang sabi niya, “Buweno . . .” Binanggit ko sa kanya kung ano ba 'yun.

<sup>18</sup> At marahil narito siya ngayong gabi. Pasensya na po, di ko po kakilala masyado 'yung babae. Marahil akin—akin siyang makikilala sa mukha.

<sup>19</sup> Kaya heto na nga't nabanggit niya sa akin na 'yung sanggol ay nasa ospital pala, napaka sama ng kalagayan, at sinasalina nila ng dugo ang bata nung mga oras na 'yun. Buweno, sabi ko, “Kapatid na babae, di ko lang po alam. Di ko masasabing isa itong pangitain, dahil di naman talaga, pero may kung anong bagay nga na di ko mapawi. Sadyang may pagtukoy dun sa—sa

sanggol. Masasabi ko lang, na mistula nga, na ito mismo 'yung sanggol na ito na nasa harapan ko." Pagkatapos sabi ko pa.

<sup>20</sup> At sabi ko, "Di muna ako tutuloy, dahil alam ko na gugugol ng maraming oras para masalanan ng dugo." At dito sa gawi ng ulo nila 'yun ipinapadaan, sa palagay ko, kaya sila. . . Alam ko na napaka sakit nun at kalunus-lunos. Kaya naghintay muna ako, pumasok at ipinanalangin ang sanggol. At naghanda ako. Naisip ko, "Ito nga 'yung lugar kung saan ako pinapangunahan ng Panginoon."

<sup>21</sup> At kaya nagmadali ako patungo sa ospital, at—at hiniling ko na makita ang sanggol. At dinala nila ako kung saan naroon 'yung sanggol. At dun sa silid, nakatagpo ko roon ang nanay, na naritong nakaupo ngayon. At sinabi niya sa akin na 'yung nanay niya'y hawak-hawak na 'yung sanggol nang mga isang oras na rin bago 'yun, o parang ganoon, at binanggit sa kanya 'yung tungkol sa pag-uudyok na ibinigay sa akin ng Panginoon, na puntahan ko 'yung sanggol. At nung bumalik na siya dun sa higaan; ang sanggol nga'y nakahiga roon, na pasipa-sipa na't, kinikilig at tumatawa.

<sup>22</sup> Kaya pumasok na ako roon, at 'yung maliit na sanggol ay hayan ngang pasipa-sipa't patawa-tawa pa, umiinom dun sa munti niyang botelya, at lahat na, na parang isang normal na batang nakikita mo sa buhay mo. At ipinatong ko ang aking mga kamay dun sa ibabaw nung maliit na sanggol, ngayon, kita n'yo, at ipinanalangin siya, at lumabas na ako ng gusali.

<sup>23</sup> At nabalitaan ko nga na ang sabi nung nanay, mga ilang saglit pa lang ang nakararaan, na iniuwi na nila ang sanggol sa bahay. Haya't ito'y—ito'y kahapon lang, nung mangyari ito, at ngayon ang sanggol ay nasa bahay na nila't magaling na. Kaya tayo'y. . . Isa 'yung. . .

<sup>24</sup> Yun nga'y malayong napaka inam kumpara sa tatawag ako ng maka-ilang daang tawag, sa sarili ko lang. Napaka inam na manatiling tahimik lamang sa harapan ng Panginoon, nang sa gayon masabi Niya sa iyo kung saan ka ba dapat patutungo, at sa bawat pagkakataon nga'y ganap na ganap ito. Kita n'yo? Ang—ang Panginoon kasi ito na nangunguna.

<sup>25</sup> Ngayon may magsasabi nga, "Buweno, pumunta ka *rito*, Kapatid na Branham. Pumunta ka *rito*." Ikaw—ikaw tuloy ay naiipit sa kaguluhan, na kung *dito* ba, at *doon* kaya, *doon* kaya, ikaw. . . Di tuloy nakakapangusap sa iyo ang Diyos.

<sup>26</sup> Pero kung mananatili ka lang, sasabihin, "Salamat sa Iyo." Basta't ilatag lamang ito sa harapan ng Panginoon. Sabihin, "Ngayon, Panginoon, ano pong gusto Mong gawin ko sa bagay na ito rito? Ngayon, Iyong nababatid na ako'y Iyong lingkod, at anuman ang Iyong. . ."

27 Pero, kita n'yo, hayan nga ang Panginoon na nababatid na ako nga'y magpupunta dun sa mismong oras na mangusap Siya sa aking puso, Kanyang pinagaling na agad ang sanggol bago pa man ako makarating dun. Ganoon nga. Kita n'yo? Kaya, kita n'yo? Siyanga, po. Kita n'yo, hindi nga sa ganang sarili ko ang pagpunta ko roon.

Ngayon sasabihin n'yo, "Ano 'yun, Kapatid na Branham?"

28 Kita n'yo, may mga kaloob tayo sa Katawan ni Cristo. At ang Espiritu Santo Mismo, na may pagkabatid kung ano nga ba 'yun, 'yung namamagatang 'yun doon, ang Espiritu Santo nga'y may pag-uudyok sa akin na puntahan ang sanggol. At nung ipanalangin ko na ang sanggol na 'yun, kahit na nasa bahay pa lang ako noon. At nung puntahan ko na ang sanggol, dahil ito'y kaganapan ng Kanyang sinabi. Hayan nga ang Espiritu Santo na namamagitan doon, sa mga bagay na di natin maunawaan, kahit pa. Kita n'yo? Hindi ba't kamangha-mangha Siya?

29 Sinasabi ko sa inyo, mga kaibigan, ngayong gabi ay napaka rami ko ngang dapat na ipasalamat! Di ko—di ko alam kung saan mag-uumpisa, at di ko marahil masusubukan man lang. Ako nga'y maraming . . . di ko po alam.

30 Ako'y magbabasa na lamang siguro ng ilang mga Salita rito sa Kasulatan, at ipangungusap ang mga ito nang ilang minuto, loobin ng Panginoon.

31 Pero, bago ang lahat, gusto ko munang ihayag ang malaki kong pasasalamat kay Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, na nagligtas sa akin at naghugas sa akin sa Sarili Niyang Dugo, at nagkaloob sa akin ng maringal at maluwalhating pag-asa na ito, na balang araw ay makikita ko Siya, nang mukhaan. At di ako tatayo roon nang may paghatol, dahil ang Kanyang Dugo ay tinubos na ako. At ako'y tinubos na, sa gabing ito, sa Dugo ng Panginoong Jesus Cristo. At ang . . .

32 Itong bagay na ibinigay Niya sa akin, para maging kapwa mamamayan sa siya ring Kaharian na inyo ring pupuntahan, haya't tayo na magkakasama'y kasamang magmamana kasama Siya sa Kaluwalhatian! Tunay na kahanga-hangang bagay nga nito!

33 At ako po'y nakaupo, kagabi, nakikipag-usap sa ilang mga naroon nung oras na 'yun. At ngayon, kagagaling din lang, sa Elizabeth, sa hapag ng isang kapatid na lalaki, kung saan kami naupo't, kumain ngayong araw na ito. At pinag-uusapan namin dun ang ilang unang batayang katotohanan, o unang batayang Ebanghelyo na taglay natin, at kung gaanong karealidad nga nito na lampas nga sa anumang pagdududa. Wala nga tayong anumang puwang, maski anuman, para pagdudahan.

34 Itong tabernakulo, at mga tao rito, ang mga dumadalo rito, at ang mga tao ng Jeffersonville at sa buong paligid, ay tatayo

sa Paghatol. Kung di tayo ligtas, tiyak na tatayo at tatayo tayo nang walang mairadahan.

<sup>35</sup> Di pa katagalan, bilang isang batang-bata pang ministro, nung panahon na dumating itong unang rebaybal ko; dito nga ako nagdadaos noon sa isang kanto, sa dako nung proyektong pabahay, sa isang tolda. Nagbabautismo nga ako noon sa ibaba ng ilog, isang hapon ng Sabado, nung ang Anghel ng Panginoo ay unang nagpakita ng Sarili sa publiko, sa pagpapatibay ng Mensahe na aking ipinangusap. At isa nga Yung Liwanag na bumaba mula sa Langit at tumayo roon. May mga tao marahil sa tabernakulo ngayong gabi, na nakatayo noon dun at nakita mismo ang Liwanag na 'yun. At dun nga'y nagpasimula ako, na binabanggit ko 'yun sa tuwina, at inilalahad nga. At lahat nga kayo'y alam n'yo na 'yung takbo ng kuwento; at kung anu-ano pa ang nangyari pagkatapos.

<sup>36</sup> At may mga tao nga kung minsan na tatalikuran lang nila 'yun, at sasabihin, "Bunga lang 'yan ng imahinasyon." Lilisan nga sila mula sa pagtitipon na 'yun kung saan makikita Ito ng mga tao, at sa pag-alis, ay sasabihin, "Nakita ko Ito." May ilan ding magsasabi, "Buweno, hindi ko Ito nakita."

Ngayon, siyanga't, pinahihintulutan ng Diyos na makita Ito ng mga tao na nilayon Niyang makakita Nito.

<sup>37</sup> Nung sundan ng mga lalaking pantas ang mga bituwin, wala maski munting tanda man sa kasaysayan, o anupamang obserbatoryo, o anupaman. . . At gayong binabantayan naman nila roon ang panahon sa pamamagitan ng mga bituwin. Pero wala nga ni isa ang nakakita roon sa Bituwin maliban sa mga lalaking pantas, kita n'yo, ganoon nga, dahil hinahangad nga nilang makita Ito. At inaasam nila na makita Ito, at mangyari na pinatnubayan sila Nito patungo kay Cristo. At, sa kabila nun, ay dumaan naman Ito mismo sa ibabaw ng bawat isang obserbatoryo, at sa—sa kabila ng pagmamasid ng mga tao sa kalangitan, para sabihin kung ano nang panahon, at kung anu-ano pa. Pero wala ngang iba na nakakita sa pagdaan Nito, maliban sa mga lalaking pantas, dahil nilayon 'yun sa kanila na makita Ito.

Kung nilayon ng Diyos para sa iyo na makita ang isang bagay, makikita't makikita mo Ito.

<sup>38</sup> Nakatayo si Elias sa Dothan, minsan, at tumingin siya sa buong paligid. At tumingin din 'yung tagapaglingkod sa labas, at ang sabi, "Oh, tingnan mo ang. . ." Nakakampo na noon sa buong palibot ang mga taga-Asiria. Pero ang kanyang. . .

<sup>39</sup> Ang sabi ni Elias, "Aba'y, mas marami ang kasama natin kaysa sa kanila roon." Tumingin ang tagapaglingkod, wala nga siyang makitang kahit na ano dun kundi si Elias lang na siyang nakatayo roon. Ang sabi niya kanyang. . .

40 “Diyos,” sabi, “Iyong imulat ang mga mata ng kabataang lalaki na ito, Panginoon.” At nung mga sandaling ’yun, gamit ang siya ring mga matang ’yun, tanging mata na makakakita, haya’t, nung imulat nung kabataang lalaki ang mga mata niya, sa palibot ng propeta ay naroon ang mga karwaheng apoy, at mga kabayong nag-aapoy. At, kita n’yo, siya . . . Iyon ay . . .

41 Iyon nga’y nasa isang dako lamang. At alam natin na ang Kanyang Presensya ay naroon mismo sa Kanyang mga anak na nagsisisampalataya.

42 Nangungusap ako noon, sabi ko . . . Dun sa silid ay nakaupo ang maybahay ko, at pinag-uusapan namin ’yung siya ring Liwanag na ’yun, kung saan Iyon lumitaw at kung saan Iyon nakunan ng litrato.

43 At pag-uusapan lang natin ’yun, sa gabing ito, ’yung bagay na ’yun na nakakamangha, sa palagay ko may isa o dalawang tao, tatlong tao, sa palagay ko, ang naroon noon, na nandito sa gusali ngayon; sina David po riyan sa likod, Kapatid na Wood, at Kapatid na babaing Wood; doon po sa Houston, Texas, nung ang litrato’y makunan, noong ipahintulot ng Diyos na makunan ’yun ng litrato.

44 Ngayon, kung tatayo kayo ngayong gabi, at makikita n’yo ’yung Anghel na ’yun, na nakapalibot sa paligid! Marami sa inyong rito, marahil, ang di pa Iyon nakita. Pero, kita n’yo, ang Liwanag na ’yun, ang Haliging Apoy na nanguna noon sa mga anak ni Israel! Na siya ring pumunta kay Pedro sa mga selda dun sa bilangguan, at—at—at iniligtas siya mula sa bilangguan; ito nga ang siya ring Anghel ng Panginoon na ’yun. At heto nga Ito ngayon, makaraan ang lahat ng daan-daan, oo, libo-libong mga taon, ay hayan ngang narito pa rin sa piling natin ngayon. Kita n’yo? At pinahintulutan nga Nitong makuhanan Siya ng litrato, na tumayo roon sa kung saan ako nakatayo. Ngayon, di po, di po lang para sa akin; kundi para sa Iglesya po, para sa buong Katawan ng mga mananampalataya. Kita n’yo, para sa lahat po ito. Ngayon pansinin. Kung . . .

45 Ako’y—ako’y naniniwala na Ito mismo ’yung Haliging Apoy na nanguna sa mga anak ni Israel noon. Di po ba’t naniniwala rin kayo riyan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang mismong Haliging Apoy.

46 At ako rin ay tunay na naniniwala na ’yung Liwanag na ’yun ay nagpunta rin noon doon sa bilangguan, at—at—at kung saan ikinulong noon si Pedro. Di po ba’t naniniwala kayo sa patotoo na ’yan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Akin nga ’yang sinasampalatayanan nang buong puso ko, kung papaanong naniniwala ako na ang pangalan ko ay William Branham. Akin—akin nga ’yang sinasampalatayanan, kita n’yo. Naniniwala ako sa kuwento na ’yan.

47 Pero, heto nga't, tinataglay natin ang mas higit, na lubos na batayang patunay kaysa roon. Taglay po natin. Ang taglay nga natin ay mas higit, na lubusang batayang patunay. Ngayon, naniniwala ako rian sa pamamagitan ng pananampalataya.

48 At ano kaya kung ang Anghel ng Panginoon ay nakatayo rito ngayon, na nakapalibot, at bawat isa sa mga mata n'yo rian ay magkakaroon ng pagkakita para makita Ito. Yun nga'y magiging tunay na mainam. Pero ang makita nga ang litrato Nito, ay higit na patunay na mismo kaysa sa makita n'yo Ito gamit ang inyong mga mata. Kita n'yo? Tama ba 'yun? Dahil, maaaring namamalik-mata ka lang. Pero 'yung meka- . . . Di nga magkakaroon ng pagmamalik-mata 'yung kamera. Di nga 'yun magkakaroon ng ganoon, dahil isa-isa 'yung kamera. At ang kukuhanan nga nun ay 'yung aktuwal na litrato mismo. Ito nga'y tunay na naroon at naroon mismo, para makuhanan ng lente. Kita n'yo?

49 Ikaw nga'y puwedeng magkaroon lang ng mga malik-mata, at 'yung mga bagay-bagay ay magmumukhang ganoon, pero di naman pala. Kita n'yo? Pero kung litrato na mismo . . .

50 At maaari ring sikolohikal lang 'yun. Puwede mo kasing sabihin, "Nakikita mo ba 'yun dun?" At sige ka sa pagsasabi, "Oo, naniniwala ako rito." At ganun na lamang ang paniniwala mo't iniisip mo tuloy na nakikita mo talaga ito, gayong wala ka namang nakikita. Kita n'yo? Ganoon nga. Haya't, sikolohikal lang 'yun. Haya't, ikaw nga'y, sadyang ibinubunsod ka lang nun na isip-isiping nakikita mo 'yun, na anupa't iyong-iyong iniisip lamang ito sa imahinasyon mo, na ganoon na lamang ang imahinasyon mo na anupa't nagiging parang tunay na.

51 Isipin n'yo na lang na kunwari may taong namumuhi sa iyo, sa oras na ito. At di naman talaga sila namumuhi sa iyo, pero isipin mo lang na namumuhi sila. At sige't isip-isipin mo lang 'yan, "Di nila ako gusto." At malalaman mo na lang, iniawasan mo na 'yung taong 'yun, gayong wala naman silang nagawa na anuman sa iyo. At sa paglipas nga'y, magiging totoong-totoo na 'yun sa iyo, na paniwalang-paniwala ka na tuloy na di ka gusto ng taong 'yun. At marahil mabubulyawan mo pa sila, gayong may sinasabi lang pala sila sa iyo. Halimbawa, ang asawa mong babae, o asawa mong lalaki, o isang kapit-bahay, o parang ganoon, gayong, 'yung tao ay wala namang ginagawa na kahit anong masama. At dahil nga sa iniisip mo na ganoon 'yun, na, anupa't naging realidad na sa iyo. Ngayon nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

52 Pero, samantalang, kung ang isang litrato'y makukunan, tiyak na naroon at naroon talaga 'yun.

53 Kaya, ngayong gabi, dumaan na tayo, gaya ng ipinahayag ni Kapatid na Graham kani-kanina, sa maraming tagumpay-at-kabiguan sa iglesya, at kung anu-ano pa. Dumaan tayo sa



maraming panganib, pagpapagal at patibong sa daan; na iba't iba ang antas, binabansagan tayong "kakatwa," at "mga holy-roller;" at lahat na ng maibabansag, at kung anu-ano pang, katulad nun.

<sup>54</sup> Pero, heto nga't, sa gitna ng lahat ng 'yan, kung ang tabernakulong ito'y masunog man, ngayong gabi, at mamatay ako, at lahat kayo'y yayaon, din, ngayong gabi, itong ating patotoo ay ganap na Katotohanan. Nasa milyun-milyong tao ang may pagkakakilanlan Dito. At ang siyentipikong patunay na mismo ang nagpapatunay; na di lang basta sinasabi natin, gaya nitong sinasabi natin bago 'yung Liwanag, bago 'yung Anghel ay makunan Siya mismo ng litrato. Pinapatotoo ko na Ito noon, na mula pa nung batang paslit ako, na itong Liwanag ay lagi ko nang kasama. Mga taon, marami sa inyo na nakaupo rito, ang napakinggan na ako na ipinapangusap ko 'yun noon, nang taon at taon na ang nagdaan, at alam na alam ito, taon at taon na ang binilang bago makunan ang litratong ito. At nung makunan ng siyentipikong daigdig ng litrato Ito, Ito mismo ang siya ring bagay na 'yun na ating pinapatotoo. Kaya ipinapakita lang n'yan na nagsasabi ka ng Katotohanan. Ito ang ganap na Katotohanan.

<sup>55</sup> Kaya, ngayong gabi, lubos-lubos ang pasasalamat ko na malaman na ang dakilang Diyos na Jehovah, na dumagundong noon sa Bundok ng Sinai, na tumayo noon sa bundok at itinuro ang mga banal na pagpapala, at nagbangon mula sa patay, ay narito mismo sa kalagitnaan natin ngayong gabi, at siya pa ring nananatili. Kung ano Siya noon, ay Siya pa rin ngayon, at siya pa ring magiging ganoon magpakailanman.

<sup>56</sup> At ang isipin na Siya, ang Diyos ng Langit, ay magagawang ibaba ang Sarili, na bababa rito't makikipag-ugnay sa katulad ko at ninyo rito, na mahihirap lang na mga tao, na salat sa mga bagay-bagay ng sanlibutang ito. At mga di nakapag-aral, ako nga, at sa kabila nun ay iniibig Niya ako, na Siya'y bumaba at iniligtas ako sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Ito nga'y di ako karapat-dapat, o, wala nga akong kayang gawin, pero ako nga'y iniligtas Niya. Dahil, bago pa man itatag ang mundo, ako nga'y paunang itinalaga na Niya nung una pa man na maligtas, sa Kanyang sariling paunang pagkaalam, bago pa magsimula ang mundo. At ganoon din sa bawat isa na naligtas, ganoon na ganoon ang ginawa Niya para sa kanila. Oh, isang kahanga-hangang bagay talaga! Isang kahanga-hangang oportunidad talaga ito!

<sup>57</sup> At ang buong-pusong hangad ko, para sa taon na ito, kung tutugunin ng Diyos ang aking panalangin . . .

<sup>58</sup> Marahil di po ako magtatagal nang buo hanggang hating-gabi. May dalawa po akong anak na babae riyan, na kapag

silay inantok na, ay nag-aalbuoto't umiiyak. Kinakailangan ko silang dalhin muna sa labas, agad.

<sup>59</sup> At gusto ko pong sabihin ito, kung wala na akong tsansa na makabalik dito't makapagpatotoo, na ako'y—ako'y. . . nais kong pasalamatang ang bawat isa sa inyo para sa pananalangin n'yo na inyong ipinanalangin ngayong taon para sa akin. Kung di n'yo nga 'yun ginawa para sa akin, wala na sana ako. Dahil nga sa pagsisikap n'yo na maitaguyod ako, sa pananalangin, kaya naman naibabaka ko ang pakikipagbaka.

<sup>60</sup> At minamahal ko—ko kayo, gaya ng nabanggit kanina ng kapatid na lalaki, nang buong puso ko. Madalang nga akong nakakapunta rito sa atin na dapat sana. Di ko tuloy nakikita masyado ang mga tao't ministro rito sa atin, sa kung paanong gusto ko—gusto ko sana, kung papaanong hinahangad sana ng puso ko. Haya't tao lamang po ako, at 'yung aking—aking oras ay sadya pong limitado lamang at maging ang mga kakayahan ko, at iba pa.

<sup>61</sup> At ngayon, sa pamamagitan nga ng tulong ng Diyos, kung ako'y tutulungan Niya, ninanais ko na ang taon na ito'y maging pinaka mainam na taon ng buong buhay ko. Ako nga, sa biyaya ng Diyos, ay nakaakay na ng kalahating milyong mga kaluluwa kay Cristo. At umaasa ako, na sa taon na ito, na paabutin pa 'yun ng buong sangmilyon, kung loobin ng Diyos. Dahil, kung loobin ng Diyos, gusto ko pong humayo sa—sa ibang bansa uli, sa oras na may kakayanan na tayong pinansyal, at kung ano pa, na gawin 'yun. At magpupunta sa ibang bansa sa mga dakong 'yun, kung saan nakakaakay tayo ng libo-libo't marami mismo nang minsanan.

<sup>62</sup> At alam ko na nalalapit na talaga ang araw. Ang mga oras ay sadya ngang paubos na. Takip-silim na halos, mga kaibigan. At ninanais ko na magawa ko ang lahat ng magagawa ko, dahil ito lamang ang tanging panahon na kayo at ako ay magiging mortal. Ito lamang ang tanging panahon na mabibigyan tayo ng ganitong pribilehiyo, sa buong Walang Hanggan, na makaakay kay Cristo. Kaya gawin po natin ito. Lahat ng puwede nating magawa. Ilaan natin ang bawat oras, na posibleng makakaya natin, para sa Kanyang kaluwalhatian. Yan nga ang layunin ko para sa parating na taon na ito. At sa tulong ng Diyos, sa inyo pong mga pananalangin, magagawa ko ito. Kaya, ipanalangin n'yo lang po ako ngayon.

<sup>63</sup> At ngayon iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali, para sa pagbubukas ng Salita.

<sup>64</sup> Ama, heto ang Iyong Walang Hanggang Salita na nakalatag mismo sa harapan ko. “Walang sinuman sa Langit o sa ibabaw ng lupa ang marapat na kunin ang Aklat, magtanggap man ng mga Tatak, o makatingin man doon, maliban sa Cordero na pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan.” Ngayon kami po'y

nagsusumamo sa Kanya. At kung makasumpong po kami ng biyaya sa Iyong paningin, dalangin nga namin, Oh Cordero ng Diyos, na Iyong kukunin ang ilang mga sandaling ito ngayon, habang ibinubuklat po namin ang mga pahina ng Iyong Salita, at buksan Ito sa aming mga puso. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>65</sup> Ngayon, mag-aaral po sana ako, nang kaunti nitong hapon kanina, sa ilang kaunting mga bagay na aking ipapangusap sana, sa gabi pong ito, pero wala na po akong oras para gawin 'yun. Kaya heto't ang maybahay ko'y nagpunta rito kasama si Billy, at akin—akin lamang inunat ang kamay ko't basta—basta bumubuklat-buklat ako rito sa Biblia.

<sup>66</sup> At naisip ko, “Buweno, makadako nga, kay Melquisedec.” At naisip ko, “Oh, naku! Kung 'yun ang dadakuan ko, baka 'yung iba, na mga kapatid na lalaki, ay mawalan na sila ng oras para makapagsalita pa.” At kaya, 'yan nga'y, ipapasa-susunod na mga araw na lang natin, loobin ng Panginoon, kung kailan marami tayong oras, ngayon.

<sup>67</sup> At pagkatapos ay nakadako ako dun sa ika-10 kabanata ng Mga Gawa, na may pangungusap dito sa unang Iglesya. At kung mayroon po sa inyo na may nais, at may Biblia, sige po't makibuklat lang sa ika-10 kabanata, para sa kaunti't maiksing mensahe sa susunod na ilang minuto.

<sup>68</sup> At habang kayo'y bumubuklat, magbibigay lang ako ng kaunting pambungad nung nakaraan. Nung Linggo, sanglinggo na ang nakararaan, sa palagay ko nga, o nung isa pang Linggo yata 'yun, nung nakaraang sanglinggo, pinag-aralan nga natin ang Aklat ng Mga Gawa, patungkol sa unang Iglesya. Naroon tayo sa Mga Gawa 2, sa palagay ko. Doon nga'y nung mga oras na 'yun ay lumabas sila, at nagpunta sa kanilang . . . Na anupa't noon . . . Sinabi na kanila ni Pedro, kung papaano ngang dapat silang “mangagsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng kanilang mga kasalanan, at tanggapin ang Espiritu Santo.”

<sup>69</sup> Ngayon gusto ko pong magpahayag ng kaunting saloobin. Kung ayos lang ba 'yun, ngayong gabi, mula rito sa entablado? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Amen.”—Pat.]

<sup>70</sup> Tingnan n'yo, kita n'yo, lahat ay nagsasabi lagi, “Kapatid na Bill, walang nakakaunawa sa iyo.” Buweno, ako nga'y may pagka kakaiba, pero, alam n'yo, haya't di ko—di ko naman 'yun sinasadya. Pero may mga kaisipan nga ako tungkol sa mga bagay-bagay, at may mga paniniwala ako. Ngayon, ako nga'y lubos na . . .

<sup>71</sup> Lubos nga akong naniniwala na maraming bagay, na—na naroon sa Kasulatan, na naroon sa mga apostol noon, na di na natin ginagawa ngayon, sa panahon na ito.

<sup>72</sup> At, katulad na lang, nitong isang ito, maraming nagsasabi, “Papaano, na habang naroon ka sa mga pagi-ebanghelyo mong pagtitipon, papaano mo napapadulong ang tatlungpung libong mga tao sa altar para maligtas sila?” Hindi nga nila kailangang magpunta mismo sa altar para maligtas. Ang tanging bagay na kinakailangan nilang gawin ay manampalataya sa Panginoong Jesus Cristo. Tama po ba?

<sup>73</sup> Gusto kong tanungin kayo ng isang bagay, at pagbulayan n’yo ’yun, tapos dadako ako sa mga liham n’yo sa sanglinggong ito. Kita n’yo? Puwedeng . . .

<sup>74</sup> Di nga ako puwedeng masabing Katoliko ako. Haya’t, ang Katoliko kasi’y naniniwala rin naman na kinasihan ang Salita, pero, “Ang iglesya ay nasa ibabaw raw ng Salita.” Di nga rin ako puwedeng masabing Protestante ako. Dahil, kinukuha lang ng Protestante ’yung sa tingin nila ay tama Ito, at, “Yung iba pa’y di raw Ito kinasihan.”

<sup>75</sup> Heto nga’t, sinasampalatayanan ko na ang sinasabi mismo ng Biblia, ay Katotohanan nga. Naniniwala ako na Ito ay Salita mismo ng Diyos. Para masampalatayanan Ito, kinakailangan kong isuko ang buo kong buhay at buo kong kalooban Dito, na sampalatayanan na Ito mismo ang Katotohanan, na wala nang iba pang Katotohanan kundi Ito lamang. Wala na ngang iba pang maaaring idagdag Dito, o anuman na maaaring ibawas mula Rito. Yan na mismo kung ano ba dapat Yan. “At sinuman na mag-alis mula sa Aklat na ito, o magdagdag Dito, siya nga’y aalisin sa Aklat ng Buhay,” sinabi ng Diyos, sa Apocalipsis. “Sinuman ang mag-alis, o magdagdag Dito!” Ito na mismo ang kumpletong kalooban ng Diyos, at kapahayagan ni Jesus Cristo, para sa mga tao. Siyanga. Ngayon, para panaligan ’yan, ako nga’y kinakailangan na manampalataya na ang Salita ng Diyos ay ganap na Katotohanan.

<sup>76</sup> At sa Mga Gawa 2:38, noong sabihin ni Pedro, “Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo!”

<sup>77</sup> Sabi nung mga taong naroon, “Mga kalalakihan at mga kapatid, ano ba ang dapat naming gawin?” unang-una. Gusto nga nilang maligtas.

<sup>78</sup> Ngayon pagmasdan. Nangungusap nga siya roon sa mga di-manampalataya. Ngayon masdan n’yo nga ang sinabi niya. Sabi niya, “Mangagsisi, bawat isa sa inyo!” Ngayon ano bang ibig sabihin ng *mangagsisi*? Ang ibig sabihin ng *mangagsisi* ay “humingi ng paumanhin sa mga bagay na inyong nagawa.”

<sup>79</sup> Halimbawa, ano kaya kung babaling ako rito ngayon at sasaktan ko ang aking kapatid, nang walang kadahilanan. At naghahangad nga ako na makapagsisi sa bagay na ’yun; heto’t sasabihin ko, “Kapatid na Neville, paumanhin dahil nagawa ko ’yun.” Kita n’yo? Buweno, hayan nga, na kung sasabihin ko ’yun,

“Paumanhin po’t nagawa ko ’yun,” at talagang taos-puso ’yun, ako nga’y nagsisisi.

<sup>80</sup> At kung ako nga’y humihingi ng paumanhin para sa aking mga kasalanan, at hihingin ko sa Diyos na patawarin ako, ako nga’y nagsisisi. Tama po ba ’yun? Tama nga. Sinabi ni Pedro, “Mangagasisi, o magpaumanhin sa inyong mga kasalanan, at pagkatapos magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo.” Tama po ba ’yun? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sige. Doon sa bahay, noong . . .

<sup>81</sup> Si Pablo at si Silas ay nagdaos noon ng pagtitipon, at sila’y nabilanggo, binugbog, dahil pinalayas nila ’yung masamang espiritu mula sa isang manghuhula. At noong mapiit sila dun sa bilangguan ng Filipos. At nung gabing ’yun, nung umaawit sila ng mga awitin, at sila . . . Nagpadala ang Diyos noon ng lindol, at niyugyog ang bilangguan nang husto na anupa’t, ang mga tanikala, ay natanggal mula sa kanilang mga kamay. Hinugot na nung tagapagbantay ng bilangguan ang kanyang tabak, at akmang papatayin na niya ang sarili niya. At sabi ni Pablo, “Huwag mong saktan ang iyong sarili, sapagkat narito kaming lahat.” At sabi nung tagapagbantay . . . Ano bang magagawa niya para maligtas? Sabi niya, “Manampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, kasama ang buong mong sambahayan . . . nang buong puso mo, at ika’y maliligtas, ikaw at ang iyong sambahayan.” Pansinin, “Manampalataya sa Panginoong Jesus Cristo.”

<sup>82</sup> Ngayon, kung ang isang tao nga’y nagpapaumanhin para sa mga pagkakasala niya! Babagalan ko lang po ito, para tumimo ito nang husto. Kung ang isang tao’y magpapaumanhin para sa kanyang mga kasalanan, at magsisisi, hihingi ng tawad para sa kanyang mga kasalanan, at tatanggapin si Jesus Cristo bilang kanyang Tagapagligtas, alang-alang sa mga kasalanan niya, at mababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo; ang Diyos nga’y obligado, sa mismong minuto na ’yun, na pagkalooban ang tao na ’yun ng bautismo ng Espiritu Santo. Kung di Niya gagawin, hindi Niya . . . di nga Niya tinutupad ang Kanyang Salita. Tama po ba? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>83</sup> Ngayon, bakit kinakailangan pa ng mga pagtitipon na kung saan ay naghihintay tayo, kung ganoon? Bakit kinakailangan pa ng mga pagpapatunay at mga bagay-bagay na kagaya ng mga kamit-kamit natin?

<sup>84</sup> Ngayon, sinabi ni Jesus, San Juan 5:24, “Ang dumirinig ng Aking salita, at sumasampalataya sa Kanya na siyang nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan.” Ngayon, ito ngang “Buhay na walang hanggan,” ano bang ibig sabihin ng *walang hanggan*? Ang ibig sabihin nga’y, “walang katapusan.” Kung ang isang tao—kung ang isang tao . . . “Ang dumirinig ng Aking mga

Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang katapusan.”

<sup>85</sup> Kaya bakit nangyayari pa itong mga pagdulas pabalik at—at pagsisikap na maligtas muli, at lahat ng mga bagay na ’yan, kung ganoon?

<sup>86</sup> Kung may Buhay na walang katapusan na kayo, di na nga kayo puwedeng mapahamak pa. Di nga ’yun gagawin ng Buhay mo na ’yan, dahil may Buhay na walang hanggan ka na.

<sup>87</sup> Ngayon, kung mayroon po sa inyo riyon na nagnanais na tingnan ang salitang ’yun, makikita n’yo nga ’yun, ang salitang Griyego na ito, itong *Zoe*, Z-o-e, na salitang Griyego, na ang ibig sabihin ay “ang Buhay ng Diyos.”

<sup>88</sup> Dahil, kung ito’y walang katapusan, iisa lamang ang bagay na walang katapusan, at ’yun ang Diyos. Siya nga’y “Mula sa walang katapusan hanggang sa walang katapusan, Ikaw ang Diyos.” Ngayon, kung Siya nga’y mula sa walang katapusan at hanggang sa walang katapusan, at binigyan ka na ng walang katapusan hanggang sa walang katapusang Buhay, ibig sabihin ay nararapat lamang na maging bahagi ka ng Kanyang walang hanggang pagka-Siya. Tama po ba? At kung kayo’y maging bahagi ng Kanyang walang hanggang pagka-Siya, kayo nga’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae sa Kanya; na saktong tumutupad sa sinasabi mismo ng Kasulatan, “Tayo’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos.” Tama po ba?

<sup>89</sup> Kailan n’yo Ito natanggap? Nung nakasigaw ba kayo? Nung dumulog kayo sa altar? Nung makapagsalita ka ng iba’t ibang wika? Nung oras nga na sumampalataya kayo! Marami nga tayong nabautismuhan na di naman nananampalataya. Marami na tayong narinig, na pagsasalita sa iba’t ibang wika, na di naman nananampalataya. Masyado nating pinatutuan ang mga tao sa mga katibayan, at kailangan may gawing ganito, at iisa-isahin pa ’yun, sasabihin, “Kapag ginawa mo *ito*, makakamit mo Ito.” Wala ngang kahit ano sa Biblia, saanmang sulok ng Biblia, na mariin n’yong masasabi na ang isang tao, “Dahil kanya *itong* ginagawa, haya’t isa siyang Cristiano.”

<sup>90</sup> Isa siyang Cristiano dahil nananampalataya siya. At ’yung mismong buhay niya’y dala-dala ’yung bunga ng Espiritu, sa anumang bagay na ginagawa niya. Kita n’yo? Yun nga ’yun. Ngayon, at sa punto na sasampalataya ka, tatanggapin mo ang Buhay na walang hanggan. At ang Buhay na walang hanggan ay ang Diyos; at ang Diyos ay ang Espiritu Santo. Tama po ba?

<sup>91</sup> Kung ang Diyos at ang Espiritu Santo ay di ’yung parehong Persona na ’yun, si Jesus ay may dalawang Ama kung ganoon. Sinabi ni Jesus na ang “Diyos” ang Kanyang Ama, at sinasabi rin ng Biblia na “ang Espiritu Santo” ay ang Ama Niya, kaya ibig sabihin lang kapwa sila iisang Persona.

92 At kung matanggap mo ang Diyos, ang walang hanggang Buhay sa iyo, kung ganoon ano 'yang natanggap mo? Yan nga ang bagay na gusto kong malaman n'yo. Nakukuha n'yo ba ang punto?

93 Tayo'y punung-puno kasi ng mga teorya, ito ngang iglesya ay napadpad sa ganoon, dahil naging maka-denominasyon ito. May masusumpungang *ganito* ang denominasyon na ito, kanila *itong* sasampalatayanan, gagawa ng denominasyon mula roon. Di na sila makausad nang higit pa roon.

94 Pero ang Iglesya ng Diyos ay tuluy-tuloy ang pag-usad, sila nga'y umuusad. Uusad sila mula roon at iiwan nila ang mga denominasyon na naiwan na roon sa likod. Ito'y umusad mula sa Luther. Ito'y umusad mula sa Methodist. Ito'y umusad mula sa Baptist. Ito'y umusad mula sa Presbyterian. At Ito nga'y umuusad mula sa Pentecostal. Ganoon nga. Dahil, ang Buhay na walang hanggan ay patuloy na umuusad, kita n'yo, at Ito'y nakakamit n'yo dahil (bakit?) sumasampalataya kasi kayo sa Panginoong Jesus Cristo.

95 Ngayon may dalawang bagay lang naman. Tingnan n'yo. Kayo ay alinman sa di-mananampalataya o mananampalataya.

96 Alinman nga ito sa umaga o gabi. Tama ba? Ngayon, di ko nga puwedeng sabihin, "may *ganitong* dami lang ng—ng—ng gabi. Ganitong karami ang nakikita ko sa bintana, na masasabi ngang gabi." Hindi, hindi. Ang buong kabuoan nun ay gabi mismo. Siyanga.

97 Ngayon, ang pani-. . . gaya ng kalimitan kong sinasabi. Ang paninigarilyo, pagnguya ng tabako, at pag-inom ng wiski, hindi 'yan ang kasalanan. Ang mga 'yan ay mga bunga ng kasalanan. Ginagawa n'yo 'yan dahil isa kayong di-mananampalataya.

98 At ang pamumuhay ng matuwid, at banal, at payapa, at matiwasay, at tahimik, at kalugud-lugod, at—at mapagkapwatao, at iba pa, hindi nga 'yan dahil sa isa kang Cristiano. Yan lamang ay mga bunga ng pagiging Cristiano. Dahil nga 'yan sa bagay na nasa inyo, na nagbubunsod sa mga ito. At kung kayo ay gumagaya-gaya lang, at ginagawa lang ang mga 'yun dahil nagpapanggap lang kayo na isa kayong Cristiano, isa ka ngang ipokrito, ganoon nga, kung ang buhay mo ay di kalugud-lugod ang pamumuhay. Dahil, diyan sa kaibuturan n'yo, may kung ano ngang Bagay na dapat lumitaw. Yan ang nagbubunsod, na nagbibigay sa inyo ng ganoong pakiramdam.

99 Yang pagdaan n'yo sa mga pagsubok, at mga kaligaligan, at mga katagumpayan-at-kabiguan, at di nauunawaan. Wala nga 'yang kinalaman Dito.

100 Noong ang Israel ay tumalikod at napunta ng Egipto, sila nga'y tumalikod. Pero di nila nawaglit ang kanilang tipan. Ang nawaglit nila ay 'yung kanilang kagalakan.

101 Di sinabi ni David na, “Iyo pong ibalik sa akin ang aking pagkaligtas.” Ang sinabi niya’y, “Iyo pong ibalik sa akin ang kagalakan ng aking pagkaligtas.” Yung kanyang pagkaligtas ay nanatili pa rin. Pero napadpad nga siya sa maling dako at kaya nawaglit niya ang kagalakan ng kanyang pagkaligtas. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

102 Kailan ka ba naligtas? Kailan ka pinaging banal? Kailan ka napuspos ng Espiritu Santo? Noong sumampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo! Dahil, natanggap mo, dun, ang Buhay na walang hanggan.

103 Pero hayan nga, mula roon, dun ka nagpasimulang lumago. Nagsimula kang lumago. Lumago ka’t dumaan sa pagpapaging banal, dumaan sa Espiritu Santo, at dumaan sa pagsasalita ng iba’t ibang wika, at dumaan sa lahat ng mga bagay rito.

104 Pero natanggap mo ang Buhay noong manampalataya ka. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? At ngayon di nga ’yan uubra na. . . May ibang tao na nakamit na ang Buhay, at pilit mong pinagagawa sa kanila ang isang bagay *rito*, gayong di pa sila nakakaabot sa dakong ’yun. At ang mga Pentecostal ay di pa. . . nakaabot sa dako na patungo na ngayon ang Iglesya, sa pagkukupkop, o sa pagpoposisyon ng mga anak.

105 Ngayon, sa Lumang Tipan, kapag ang isang anak na lalaki ay ipinapanganak sa isang sambahayan, siya nga’y isang anak dahil doon siya ipinanganak sa sambahayan na ’yun. Ang anak kong lalaki’y anak ko nga noong siya’y ipanganak sa akin.

106 At noong ang pentecostal na Iglesya’y magsilang, o noong masumpungan nila ang sinasabi nilang “Kapanganakan, ang bagong Kapanganakan, o Iglesya ng Espiritu Santo,” na sila’y ipinanganak na sa Kaharian ng Diyos.

Buweno, ngayon, sa Lumang Tipan. . .

107 Ngayon, sa Mga Taga-Efeso, sa unang kabanata, ang sabi Nito, “Tayo’y itinalaga na nang una pa sa pagkukupkop bilang mga anak.” “Sa pagkukupkop bilang mga anak”? Tingan n’yo nga ’yan, “Sa pagkukupkop bilang mga anak!” Siyanga, po.

108 At ang isang lalaki, sa Lumang Tipan, sa panahon na siya’y magkakaroon ng anak na lalaki na ipanganak sa kanyang sambahayan, ang anak na ito’y anak na nung siya’y ipanganak pa lang. Pero may tagapagturo nga na siyang magpapalaki sa bata na ’yun hanggang sa umabot siya sa isang hustong gulang. Tapos kapag ang tagapagturo na ito. . . haya’t kapag sasabihin na niya sa tatay, na ang bata ay karapat-dapat na’t naangkop na, at lahat na, ngayon, may. . . Ang anak ay—ang naturang anak ay kukupkupin sa pamilyang ’yun. Marami sa inyo na mga nagbabasa ng Lumang Tipan ay batid ang Kasulatan para riyan. Siya nga’y kukupkupin sa pamilyang ’yun. Pero sakaling di pa, siya’y mananatiling anak pa rin, pero di siya kinupkop.



At kung kupkupin na siya, siya'y dadalhin sa liwasan, susuotan ng balabal, at pagkatapos may gaganapin na seremonya. At pagkatapos ang lagda ng binatilyong ito, na malalagay sa tseke, ay katumbas ng lagda ng kanyang tatay. Yun na 'yun mismo, dahil siya'y kinupkop na sa buong pakikisama sa pamilya.

<sup>109</sup> Kinupkop mismo ng Diyos ang Sarili Niyang Anak, noong kunin Niya Siya paitaas; dinala sina Pedro, Santiago, at Juan, bilang mga saksi. “Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi, ay pagtitibayin ang bawat salita.” At dumako roon, at nililiman ng Diyos si Cristo. Nililiman ng Espiritu Santo si Cristo, at ang Kanyang damit ay nagliwanag na parang araw. Tama ba? At ang sabi Mismo ng Diyos, “Ito ang sinisinta Kong Anak. Siya'y inyong pakinggan.” Sa madaling sabi, “Heto na nga Ito. Ano man ang Kanyang sabihin ay Ito na 'yun nang ganap.” At Siya ay binigyan ng pantay na . . . At, tunay nga, na ang Diyos mismo Ito, pero Diyos sa laman ni Jesus Cristo, na inihahayag ang Kanyang Sarili sa mga tao. At, doon, ay kinupkop ng Diyos ang Sarili Niyang Anak.

<sup>110</sup> At ngayon 'yung panahon na ang Pentecostal na iglesya't mga taong ito sa huling panahon ay magsisimulang sumpungan ang bagong Kapanganakan, na maipapanganak silang muli, ay kanila ngang iniisip na 'yun na 'yun. Hindi, po. Yang akyat-panaog n'yong 'yan, at paguurong-sulong n'yo, at mga bagay na kagaya n'yan, di pa kayo mailalagay ng Diyos sa posisyon ng pagiging anak.

<sup>111</sup> Pero sa oras na mananatili ka sa Kaharian, mananatili sa Ebanghelyo, mananatili roon mismo, isa sa mga araw na ito'y tatawagin kayo ng Diyos at ilalagay kayo sa isang dako, kayo'y kukupkupin bilang Kanyang anak, sa harap ng mga tao, at kayo'y pagkakalooban ng isang bagay na matitigatig n'yo ang mga bansa, sa pamamagitan nun. Nakikita n'yo ba ang ibig ko pong sabihin? Isa nga itong pagkukupkop sa pamilya.

<sup>112</sup> Ngayon, sila na sumunod sa Kanya; sina Pedro, Santiago, at Juan. Ipinapangusap natin ngayong gabi itong tungkol kay Pedro, 'yung dakilang pangitain, kung papaano namuhay ang mga tao na 'yun nung panahon na 'yun.

<sup>113</sup> At ngayon, una muna, dito sa beinte- . . . o, ika-32 talata ng naunang kabanata, itong—itong ika-9 na kabanata.

*At nanggyari, na sa paglalakad ni Pedro patungo sa lahat ng dako, . . . siya'y naparoon . . . sa mga banal na nangananahan sa Lystra.*

*At doo'y natagpuan niya ang isang lalake na nagngangalang Eneas, na sumasa . . . nasa kanyang—kanyang banig nang walong taon, sapagka't siya'y may sakit na pagkalumpo.*

*At sinabi sa kanya ni Pedro, Eneas, pinagaling ka na ni Jesus Cristo: magtindig ka, at husayin mo ang iyong higaan. At pagdaka'y nagtindig siya.*

114 Masdan n'yong maigi! Ngayon tingnan n'yo kung anong nangyari.

*At lahat ng mga nangananahan sa Lidda at Sarona . . . (Masdan n'yo nga itong maigi.) . . . lahat ay nangagbalik-loob sa Panginoon.*

115 Dahil sa may isang lalaki na may sakit na pagkalumpo ang pinagaling, ang buong pamayanan na 'yun ay nagbalik-loob sa Panginoon, dahil may isang lalaki na pinagaling, mula sa sakit na pagkalumpo.

116 At, samantalang ngayon, binabangon na mismo ang patay. At ang mga tao'y nagsisipagsabi pa rin na, "Sa demonyo ito. Sikolohikal lang ito. Pagbabasa lang ito ng pag-iisip. Yung tao'y di naman talaga siya patay, kung tutuusin." Nakita n'yo ang pagkakaiba? Yung pagpapawalang-halaga natin sa Diyos, ang nagdedetermina kung anong kinasasadlakan natin ngayon. Atin ngang matatanggap ang Makalangit na paghatol. Ang buong mundo'y nililigalig na ngayon, sa ilalim ng epekto ng mga paghatol na unti-unti nang gumagapang palapit.

117 May ministro rito marahil na may maidudugtong diyan, sa loob ng ilang minuto, patungkol sa mga parating na paghatol. At umaasa ako na sususog sila, ano't anuman, patungkol sa, parating na paghatol.

118 Dahil, ang buong mundo'y nakaamba na, nangangatog na. Bawat bansa'y nangangatog na. Di po ba't iniisip n'yo na ang Rusya man ay nangangatog, din. Ang Estados Unidos at ang mga isla'y nangangatog na mismo. "Sino kayang magbabagsak ng unang bomba atomika?" Kapag nangyari na 'yan, tiyak na sasambulat ang buong kabuoan nito't wala nang kontrol, at wala ni isang . . . kahit sino . . . Sa bombang kobalt na 'yun, ano kaya kung pakawalan na ang ilan sa mga 'yun? Wala ngang kahit langaw man o anumang insekto ang matitira sa mismong balat ng lupa.

119 Nandiyan na nga ito sa mga kamay ng masasama't, lipos ng mga kasalanang, mga kalalakihan na patungong impyerno. At ang inyong patutunguhan sa paglalakbay n'yo rito sa lupa, haya't ang sabi ko nga'y, ang paglalakbay n'yo rito sa lupa, ay nakasalalay sa mga kamay ng masasama't makasalanan na mga kalalakihang 'yun. Tiyakin n'yo kung saan itinatagubilin ang patutunguhan ng inyong kaluluwa. Kung di 'yan itinatagubilin patungo sa Langit at patungo sa Diyos, bumaling na ngayong gabi, nang buong puso n'yo, at huwag n'yong palalampasin ang lumang taon na di man lang kayo bumabaling patungo sa Diyos. Dahil, 'yang paglalakbay n'yong 'yan sa lupa na ito ay nakasalalay sa kamay ng mga masasama't, malulupit,

na mga malalamig ang puso, na mga kalalaking walang Diyos. Diyan mismo nakasalalay ang inyong—inyong katawan. Anumang naisin nilang gawin dito ngayon, 'yun nga mismo ang tatapos sa inyo. Mahabag nawa ang Diyos!

<sup>120</sup> At ang Diyos, sa Kanyang mapagmahal na kaawaan, haya't nagpapadala ng mga tanda't, mga kababalaghan, at ng mga himala't, lahat na, at ipinapangaral ang Ebanghelyo, at ang mga tao'y pilit kayong tinatangay sa tuwina na di makatuon dito. . . na mapalayo Rito. Kaya ano pa bang inaasahan n'yo at wala na ngang iba kundi paghatol? Tatanggapin n'yo talaga ito.

<sup>121</sup> At samantalang heto ang isang lalaki na pinagaling sa sakit na pagkalumpo noon, at ang buong pamayanan nga'y bumaling kay Cristo!

<sup>122</sup> At heto nga tayo sa ating mga hari, at mga tagapamuno, at mga maharlikang namumuno, at mga kongresista, at lahat na; heto ang mga kadalambahatian, at mga karamdaman, at ang mga patay at ang mga namatay, at nasaksihan nila mismo na sila'y nabuhay at nagkaroon ng buhay uli, at ang bansa'y nanlilibak at tinatawanan lamang ito. Kaya ano pa bang natitira sa atin kundi paghatol na nga mismo?

<sup>123</sup> Oh, kapatid, kung mayroon ngang nararapat na panahon para gisingin ng Diyos ang Kanyang bayan, ay ito na mismong panahon na ito ngayon. Sa parating na taon na ito, nawa'y pahiran ng Diyos ang Kanyang mga ministro, na kagaya sa mga lagablab ng apoy, dahil kayo'y nasa huling mga araw na't, nasa pagtatapos na ng mga panahon.

<sup>124</sup> Masdan dito. Heto nga ang siya ring lalaki na ito. . . May isang dalagita na nagngangalang Tabita. Tabita, na ang ibig sabihin ay "Dorcas," siya'y namatay nung naparoon siya. At si Pedro ay naroon noon sa Joppe. Nagsugo sila para sunduin siya roon, at dinala nila siya roon. At pumasok siya sa silid kung saan nakaratay ang dalagita, na isang bangkay na. Pinalabas ang lahat ng mga tao, at lumuhod siya't nanalangin. At nung magawa na niya ito, nagpunta siya't hinawakan ang kamay ng dalagita, at binangon siya. At ang dalagita'y gumaling mismo't, buhay na.

<sup>125</sup> At tingnan n'yo kung ano itong nangyari. "At nangyari, na siya'y nanahan ng maraming mga araw sa Joppe." Bago pa pala muna 'yan:

*At ito'y nabansag sa buong Joppe; at marami ang nagsisampalataya sa Panginoon. Marami ang nagsisampalataya!*

<sup>126</sup> At, samantalang ngayon, sasabihin nga nila, "Di nga ako naniniwala na patay talaga ang dalagita, o hindi. Ang dalagita ay—ay nakoma lang marahil o kung anong tulad nun. Di nga ako naniniwala sa ganyang bagay." Haya't palihis nila itong

ipinapaliwanag! Sa tuwing ipaliliwanag n'yo ang sobrenatural na bagay palihis mismo ng Biblia, kayo nga'y nagpapaliwanag palayo sa mismong Diyos na inyong sinasamba. Tunay nga, na napapalayo kayo. Siya'y sobrenatural na Diyos. Buweno.

<sup>127</sup> Ngayon, pero, ang pigilan ang mga alagad na ito? Kapatid, nakasama nila si Jesus. Wala silang pakialam sa anuman ang sabi-sabihin ng iba. Sila nga'y pinatawag minsan nung isang beses at sinabihan sila na ang mga araw ng himala'y lipas na. At pinaglalalago sila't ikinulong pa sa bilangguan, at ipiniit sila dun nang buong gabi, at nung sumunod na araw, ay isinalang sila sa paghatol. At, nalaman nung mga tao roon, na ang mga alagad na ito'y mga mangmang pala't di nakapag-aral na mga kalalakihan. Pero napansin nga nila noon, nitong mga alagad si Jesus.

<sup>128</sup> Nung lumaya sila, di nga sila nagpunta't kumonsulta sa mga seminaryo ni minsan. Nagsipunta sila sa kanilang mga kasamahan. At sila'y nagtipun-tipon, na ipinamamalita kung ano ang ginawa sa kanila ng Panginoon, sila'y nagtipun-tipon at ipinanalangin ang pananalangin na ito, "Panginoon, bakit ang. . ." Katuparan nga 'yun ng sinalita ng propeta, siyanga, "Bakit ang mga bansa'y nanggugulo, at ang mga bayan ay nag-aakala ng walang kabuluhang bagay?" Sabi, "Tunay na kami'y pagkalooban nawa ng kapangyarihan, sa pamamagitan ng pag-unat sa kamay ng Banal Mong Anak na si Jesus, na pagalingin ang mga maysakit, at ang mga tanda't mga kababalaghan ay maipangyari." At nung sila'y nanalangin nang may paglalakip sa dako roon, nayanig ang gusali, kung saan sila nagkakatipon na magkakasama.

<sup>129</sup> Ang kailangan na kailangan nga natin sa gabing ito ay isang paglalakip, na pagtitipon para sa pananalangin, kung saan maipagbubuklod natin ang ating mga sarili na may iisang puso't may isang pagbubuklod, at mananalangin tayo ng isang panalangin na gaya nun, na ang kasunod nga'y magkakaroon tayo ng isang panibagong pagyayanig. Amen.

<sup>130</sup> Pansinin. Si Pedro, na ipinagkanulo noon ang Panginoon, na dating di nananampalataya sa Kanya, o ipinagkanulo Siya; at nagpunta nga sa isang dako't nanangis nang may kapaitan, at nanumbalik. Ngayon kanya nang natanggap ang Espiritu Santo. Pakinggan n'yo itong pangangaral niya rito.

*At may isang lalake na ang pangalan...o, nagngangalang Cornelio, na senturion ng pulutong na tinatawag na pulutong Italiano,*

*Isang taong masipag sa kabanalan, . . . matatakutin sa Dios siya at ang buong sangbahayan, at naglimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Dios sa tuwina.*

<sup>131</sup> Kahanga-hangang lalaki! Ngayon, di nga, alalahanin n'yo, di nga. . . Haya't isa siyang Gentil. Hindi nga isang Judio. Isa siyang Gentil, isang senturyon; kapag sinabing senturyon, ay sangdaang tao ang pinamumunuan. Pero isa siyang lalaki na may takot sa Diyos. Ang Diyos nga sa tuwina, sa kalagitnaan ng mga Gentil, ay nakasusumpung ng mga taong may takot sa Diyos.

<sup>132</sup> Habang naglalakad at nakikipag-usap sa isang kabataang lalaki, ang sabi ko, "Kapag sumapit na ako sa Langit, isa sa mga bagay na gusto kong gawin ay lapitan at makipagkamay sa isang lalaki na sadyang gumawa ng isang kagiting-giting na bagay." At siya rin ay binanggit niya kung sino 'yung gusto niyang makita roon. Gusto niyang kamayan siya, sa iba't ibang mga bagay, ng kung paano pinagpapala ng Diyos ang mga tao.

<sup>133</sup> Noong, si Uria, matapos na kunin ni David si Bathsheba, na kanyang asawa, at nagsugo nga sila roon at pinasundo siya. At si Bathsheba'y nagdadalang-tao na noon. At ibinalik siya roon, para maipaangkin ang bata kay Uria. At siya'y di Gentil. . . Di siya isang Judio. Isa siyang Gentil, at isa siyang Hetheo, isang taong naakay patungo sa relihiyong Judio. At sinabihan siya na bumaba't manatili sa kanyang bahay, kasama ang kaibig-ibig niyang, magandang asawa. Sabi niya, "Di layon ng Diyos na gawin ko ang bagay na 'yun, at samantalang ang kaban ng Diyos ay naroon sa pakikibaka." At tumanggi nga siyang gawin ang bagay na sinabi sa kanya.

<sup>134</sup> Hayan nga't, kapatid, sa pagsapit ko dun sa Kaluwalhatian, nanaisin ko na lumakad patungo kay Uria at kamayan siya, at sabihin, "Mapapurihan ang Diyos, dahil ganoon na lamang ang halaga ng iyong patotoo sa aking paglalakbay sa lupa."

<sup>135</sup> At nanaisin ko rin na lapitan si Daniel, sasabihin, "Alam mo, Daniel, noong sumuong ka roon nang walang pagkatakot sa harapan ng mga leon, 'yang patotoo na 'yan ay ganoon na lamang ang halaga nun sa akin." Siyanga, po.

<sup>136</sup> Gusto kong makita ang apostol, na si Pedro, at sasabihin, "Pedro, nung gabing 'yun noong nasa bilanguan ka, at ang Panginoon ay nagpunta na may malaking Liwanag at suminag sa ibabaw mo, oh, lagi nga akong humahanga roon. At heto nga na sinimulan mong sundan 'yung Liwanag na 'yun, at ang pinto ay nagbukas sa harapan mo, at dinala ka mismo sa lansangan. Iniisip mo pa ngang baka nananaginip ka lang." Kahanga-hangang pagkakataon 'yun!

<sup>137</sup> Di nga magiging tahimik na lugar ang Langit, sa panahon na ang lahat ng mga tinubos ay magkakatiyon sa buong palibot Doon, di po ba? Magiging isang kahanga-hangang bagay nga 'yun na mangyayari Roon, kapag ang lahat ng mga tinubos ay magmamartsa na papasok.

138 At heto nga ang senturyon na ito, sa bahay ni Cornelio. Masdan n'yo kung paanong hinanda na 'yun ng Diyos! Ngayon, si Cornelio ay isa pong tao na may takot sa Diyos. Lagi siyang nananalangin, at nagbibigay ng limos sa mga tao. Walang ano mang bagay na masasabing nagawa mong kapaki-pakinabang na hindi ito ibinilang ng Diyos sa iyong rekord. Ganoon nga. At siya nga'y nananalangin, at nagbibigay ng limos sa mga tao. At isa siyang dakilang tao.

139 At isang araw, habang siya'y nananalangin sa bahay, may Anghel na lumitaw sa silid kung saan siya naroon. Naniniwala ba kayo sa mga Anghel? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nagpunta 'yung Anghel sa loob ng silid kung saan siya naroon, at ang sabi, "Cornelio, tumindig ka't magpunta ka sa Joppe. At hanapin mo ang isang lalaking nagngangalang Pedro, na nakatira sa bahay ng isa pang nagngangalan namang Simon. At sasaysayin niya sa iyo kung anong gagawin." Amen.

140 Ngayon, si Pedro, nung mga oras na ito, siya'y galing sa paglalakbay, kaya nakaramdam siya ng gutom. Bandang alas dose na 'yun noon. Kaya, nagpunta siya roon sa itaas ng bahay at umidlip nang kaunti. Siya nga'y iidlip nang kaunti habang naroon siya sa itaas, naghihintay na maihanda na nila 'yung pananghalian.

141 At kaya nagpadala na si Cornelio, ng isang sundalo at dalawang kalalakihan na masipag sa kabanalan, at isinugo sila para hanapin si Pedro.

142 At habang, ang Diyos, sa tuwing Siya ay magpapadala ng isang tao para makipagkita sa iyo, Siya nga'y gumagawa na agad ng paghahanda bago pa man mangyari ang bagay na 'yun.

143 Naghanda na nga Siya bago pa man doon sa ospital, para sa sanggol na ito kahapon, na nakaratay dun na ang kalagayan ay halos mamamatay na, na anupa't di nila alam kung ano ba ang suliranin sa bata. At ang Espiritu Santo ay nagsalita roon sa silid; gumawa na agad ng paghahanda sa ospital, para sa pagpapagaling nung bata bago pa man ako makarating doon. Hallelujah!

144 Sa Finland, nung ang munting batang lalaki na 'yun ay napahandusay sa daan, na patay na. At 'yung tatay at nanay niya'y, napasugod mula sa bukid, na sumisigaw, at nanginginig ang kanilang mga kamay. Pauna nang inihanda ng Diyos ang pagkabuhay na mag-uli ng batang 'yun, dalawang taon bago pa man ang oras na 'yun. Purihin ang Panginoon!

145 At, ngayong gabi, habang narito tayo sa bahay-sambahang ito, at dinaranas natin ang mga bagay na ito na dinaranas natin, ang Diyos nga'y pauna nang naghanda para sa ating pagkabuhay na mag-uli. Sa isang maluwalhating araw, Siya'y darating. Ang lahat ay pauna nang inihanda. At ang mga lalaki at mga babaing iniisip at inaasam ito, minsan pa nga'y inaawit

itong mga awiting ito ng mga makata, “Oh, magkakaroon ng isang pagtitipon sa himpapawid.”

<sup>146</sup> Mga labing-limang taon na ang nakararaan, ngayong gabi, nakatayo ako roon noon, na may malaking pisara, nagtuturo.

<sup>147</sup> At may munting Pentecostal na grupo na nanggaling pa ng Louisville. At di nga ako noon naniniwala sa kanila sa kanilang pasayaw-sayaw na ginagawa nila. At may munting binibini nga na lumapit dito sa may piyano’t tumugtog. At tutugtog nga sila noon ng espesyal na handog, at kumakaskas sila dun sa munti roong. . . gamit ang mga didal na ikakaskas sa parang kulahang tabla. At may iba na ang kinakalampag ay mga lata-lata. Ako nga’y lubos na di sang-ayon noon sa ganoon, kaya sa isip-isip ko, “Ano nang mangyayari?” At umakyat na ’yung babae para tumugtog ng espesyal na handog. Tumugtog na siya. Yung isa pang babae’y tumugtog na rin sa parang kulahang tabla. At ito namang munting kabataang babae na olandes ang buhok ay nagpalundag-lundag na roon, sa mismong sahig, at nagsimula siyang sumayaw sa Espiritu.

<sup>148</sup> At ako, sa pagkakaupo ko roon sa upuan na parang may halong pagkayamot, sabi ko, “Ngayon, kung magagawa n’yo lang na panoorin ’yan!” At sinasabi-sabi ko nga ’yun sa iglesya ko, hanggang sa iniisip na nila kung ano bang gagawin ko sa bagay na ’yun. Patingin-tingin nga ako roon sa babae, at sa isip-isip ko, “Naku tingnan n’yo ’yan! Ngayon, kung hindi ba’t ibang klase rin ’yan! Na ginagawang parang bahay-aliwan ang simbahan ko!” At nakaupo nga ako roon, na wala nga akong sapat na kaalaman. Wala akong anumang sinasabi noon, pero sa puso ko ay ’yun ang iniisip ko.

<sup>149</sup> Kaya pinanood ko lang siya habang sumasayaw siya. At bigla na lang alam n’yo, sabi ko, “Sandali. Mayroon kayang Kasulatan na pumapatungkol sa ginagawa ng binibing ito?” At nagsimula akong magbulay ng mga Kasulatan. Sabi ko, “Saan ba itinalaga ang pagsasayaw? Unang-una, sa Biblia.” Tama. At naisip ko, “Ako kaya ang nagbunsod sa kanila para sumayaw?”

<sup>150</sup> Nakinita ko nga ang mga anak ni Israel, noong tumawid sila sa Dagat na Pula, tumanaw si Miriam sa likuran at nakita ang lahat ng mga dating tagapagmando nila na nalunod lahat, kaya kanyang kinuha ang tambereta’t nagsimulang sumayaw; at kinalampag ang mismong tambereta, at nagtatakbo roon sa may dalampasigan, na sumasayaw. At ang mga anak na babae ni Israel ay nagsisunod sa kanya, nagsisayaw. Naisip ko, “Isa pala ’yung katagumpayan.”

<sup>151</sup> Nakinita ko nga si David, noong nakita siya ng sinisinta niya na nakaupo roon sa itaas na nagtatakip ng pamaypay, na nagpapaypay, na pinapanood ang kanyang munting sinisintang lalaki, hayan nga si David na nakatayo roon noon. At heto na ang kaban, na ipinangusap ni Kapatid na Graham kani-kanina,

na hetong parating na mula sa bundok. Noong makita 'yun ni David, siya nga'y nagpasayaw-sayaw sa buong paligid at sa buong paligid at sa buong paligid. "Aba," sabi ng sinta niya, "ipinapahiya mo ako n'yan!"

<sup>152</sup> Sabi niya, "Kung di mo 'yun nagustuhan, panoorin mo ito!" At sa buong palibot at sa buong palibot at sa buong palibot ay nagpasayaw-sayaw siya uli.

<sup>153</sup> Alam n'yo ba kung ano? Tumunghay nga ang Diyos paibaba mula sa Langit, at sabi, "David, ika'y lalaking ayon sa Aking Sariling puso." Siyanga.

<sup>154</sup> At naisip ko, "Alam n'yo, may isang bagay nga na kung ano sa akin. Di ko siguro kamit ang ganoong sapat na tagumpay, marahil." At ako nga'y nakaupo roon noon, at 'yung Methodist kong paa'y patapik-tapik na rin sa may sahig. At bigla na lang malalaman n'yo . . . Ang Diyos, ang saksi ko! Ako, bago ko pa mamalayan kung anong ginagawa ko, hayun nga ako sa may sahig dito, pasayaw-sayaw na rin sa buong palibot, kasama nung binibini na 'yun. Ganoon nga.

<sup>155</sup> Pagkatapos ang sabi ko, "Diyos, Iyo pong alisin ako mula sa upuan ng mga manunuya. Iyong itulot na makita ko muna ang isang bagay nang may katuwiran bago ko 'yun hatulan simula ngayon." Amen. Ang pagkilos nga ng Diyos ay kakaiba.

<sup>156</sup> Hindi nga ako naniniwala sa kung anu-anong mga bagay na walang kabuluhan. Hindi nga ako naniniwala sa maraming bagay na pawang kabulukan lang. Pero naniniwala ako mismo sa tunay, dalisay, na puspos ng Espiritu, na Espiritu Santong Salita ng Diyos na ipinangaral nang may kapangyarihan at pagpapamalas. Amen. Dahil, 'yun nga ang bagay na nagligtas sa akin. Yun mismo ang bagay na nagdala sa akin sa mahabang lakbayin na ito. Yun mismo ang bagay na tumulong sa akin nung sabihin ng doktor na mamamatay na raw ako. Yun 'yung bagay na nagligtas sa akin sa oras ng kamatayan ko sana. Yun 'yung bagay na magbabangon sa akin. At Yun ang bagay na magdadala sa akin sa pagtungo ko sa Langit. Kung ako nga'y tutungo Roon, akin nga Iyong dadalhin; dahil wala na nga akong ibang alam na ibang bagay maliban Doon, at di ko na rin ninanais na makaalam ng ibang bagay maliban Doon. Siyanga.

<sup>157</sup> Ang makilala lamang si Jesus, at ang pagkakapako Niya, at 'yun lang. Kung Siya'y ipinako, kung gayon ipinako nun ang aking laman na kasama Niya, at ako'y patay na sa mga bagay ng sanlibutan. Ganoon nga! Amen!

Alam n'yo, nakakaramdam ako ng pagkapuspos. Hayan nga't 'yan mismo ang unti-unti kong nararamdaman ngayon.

<sup>158</sup> Pansinin, heto nga sila. Grabe, isang pinagpalang sandali nga! Ganoon na lamang kaganda 'yung pagtitipon na kanilang idinadaos dun! Sabi ni Cornelio, "Ngayon humayo nga kayo sa



dako roon at hanapin n'yo ang isa na nagnangalang Pedro." At sabi . . . Di pa nga niya naririnig siya kahit kailan.

<sup>159</sup> At heto nga si Pedro sa itaas, sa isip-isip niya, "Panginoon, ako'y iidlip lang muna rito sandali bago mananghalian. Gutom na gutom ako't pagod na pagod."

<sup>160</sup> At noong mahiga siya roon, siya nga'y nawalan ng diwa. Yan ang sinasabi ng Kasulatan. Kaya naman, naniniwala ako na nawalan nga siya ng diwa, di po ba? At nung mawalan siya ng diwa, may nakita siyang malapad na kumot na bumababa't, punung-puno ng mga gumagapang na bagay. At sabi ng isang Tinig, "Magtindig ka, Pedro. Magkatay ka't kumain."

<sup>161</sup> Sabi niya, "Hindi po, Panginoon. Isa po akong Judio. Wala pang bagay na marumi o karumal-dumal ang dumaan sa aking bibig."

<sup>162</sup> Sabi Nito, "Huwag mong ipalagay na marumi ang bagay na Aking nilinis na." Sabi, "Magtindig ka." Sabi, "Haya't may naghihintay sa iyo, sa ibaba sa may pintuan. Magpunta ka't, huwag mong pag-alinlanganan ang anumang bagay. Sumunod ka sa kanya." Amen.

<sup>163</sup> Ngayon, si Pedro, may mga anyo nga siya ng kabanalan sa panlabas, alam n'yo. Siya nga'y may para bang karangalan sa palibot ng mga tao, kaya kinakailangan niyang bantayan ang kinakain niya. Isa siyang Judio. Siya nga'y pinalaki, na isang— isang istriktong Presbyterian, alam n'yo, o parang ganoon, at kinakailangan niyang bantayan ang ano mang ginagawa niya dahil sa kaugnayan niya sa iglesia.

<sup>164</sup> Kaya heto na nga't ang sabi ng Panginoon, "Sumunod ka sa kanila na mga Gentil, huwag kang mag-alintana sa anumang bagay na ginawa na, o anuman. Ikaw nga'y sumama sa kanila roon sa daan."

<sup>165</sup> At nung mapadako na siya roon sa bahay ni Cornelio, wala na ngang paligoy-ligoy pa, tinipon ni Cornelio ang lahat ng mga kasamahan niya sa palibot. At ikinuwento niya sa kanya kung papaanong nakakita siya ng Anghel. Sabi niya, "Ngayon, Pedro, ako—ako ito na nagpasugo sa iyo."

<sup>166</sup> At nung si Pedro'y pumanhik na roon at nagsimula nang mangaral, "Habang sinasalita ni Pedro ang mga salitang ito, ang Espiritu Santo'y bumaba sa kanila," at lahat sila roon ay napaspos ng Espiritu Santo, nagsimula silang magpropesiya, magsalita sa iba't ibang wika, at nagtatamasa ng maluwalhati mismong panahon. Sabi niya, "Mangyayari bang hadlangan ng sinuman ang tubig?" Ngayon, ang mga taong ito haya't sila'y nakatanggap ng Espiritu Santo bago sila mabautismuhan. At iniutos niya sa kanila na sila'y mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus. At nanatili si Pedro kasama nila nang ilang mga araw.

167 Yan nga ang apostolikong Iglesia, na kumikilos sa Espiritu, saanmang dako na sabihin ng Diyos. Si Pedro nga'y kumilos nang di nakapananghalian. Humayo nga si Pedro, para sundin ang Panginoon.

168 At magagawa mismo ng Diyos na kumuha ng lalaki't babae sa panahon ngayon, dito sa tabernakulong ito, saanmang dako, na di nababahala sa kung ano mang nangyayari sa paligid nila, bagkus ay ipagpapasakop ang kanilang sarili sa Panginoon, bilang isang indibiduwal na bahagi, haya't pangungunahan ng Diyos ang siya ring ganitong tao ngayon, gaya ng pangunguna Niya sa ganitong mga uri ng tao noon. Kanyang pinatutunayan na Siya nga'y kasa-kasama natin. Ang kailangan natin ngayon ay isang mapagpakumbaba't, ipinagpapasakop na buhay. Inyo lamang ipagpasakop ang inyong sarili. Huwag n'yong ipagkait ang sarili n'yo na maipasakop. Huwag kayong gagawa ng ano mang bagay bagkus ay lumakad kayo nang tuwid kasama ang Espiritu Santo. Anumang sabihin ng Espiritu na gawin, inyo ngang gawin nang madali. Huwag n'yong sabihin, "Buweno, sige't maghihintay muna ako't titingnan ko kung ano ba *ito*, at ano ba *iyon*." Anuman ang sabihin ng Espiritu Santo, humayo mismo kayo at gawin 'yun!

169 Ano kaya kung hindi ako nagpunta noon sa Finland noong may pagtawag sa akin ang Espiritu Santo na magtungo roon? Ano kaya kung di ako sumadya sa ospital kahapon, kung saan ang sanggol na 'yun ay nakaratay dun na mamamatay na; na di nga ako tumuloy na nagpunta?

170 Hayan nga't, "Ang pagsunod ay mas maigi kaysa sa hain." Gawin n'yo mismo ang sinasabi sa inyo ng Espiritu Santo na gawin. Ang kailangan natin ngayong gabi, ay makalagan tayo sa lahat ng mumunti nating lumang mga mapagkait na pag-iisip, at hayaan ang Espiritu Santo. . . Hayan nga mismo ang itinuturo sa inyo rito. Batid n'yo kung ano ang tama't mali.

171 Pero ang kailangan n'yo nga sa gabing ito ay isang dakila't malaking punong-bigkis ng pag-ibig ng Diyos na ibubuhos sa inyong puso; na lahat ng pagsasawalang-bahala'y aagusin na palayo. Ibaon n'yo na ito kasama ng lumang taon, sa paglipas nito. Pakawalan n'yo na ito. Tayo'y magpasimula ng bagong buhay, isang bagong simula. Di n'yo magagawa. . . Kung kayo'y naipanganak na sa Kaharian ng Diyos, nakamit n'yo na ang Espiritu Santo diyan sa inyo, at ang tanging bagay na narapat n'yo lang gawin ay makalagan sa mga bagay na ito ng mundo na pumipigil sa inyo pababa. Sabi, "Itabi namang walang liwag ang bawat pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa atin; na ating takbuhin nang may pagtitiis, ang buhay, ang takbuhin na inilagay sa harapan natin." Mga Hebreo, ika-12 kabanata. Itabi nang walang liwag ang mga pasan!

172 Nakikinita n'yo ba 'yung mga lalaking pantas noong sila'y magsidating para makita si Jesus? Magpapakita lang po ako ng kaunting pagsasadula rito pansumandali. Nakikinita ko . . . Ang sabi nila'y tatlong lalaking pantas. Sasabihin natin na may tatlo nga. Sina Jim, John, at George, sasabihin nating 'yan ang pangalan daw nila. At sila'y parating para makita si Jesus. At nakikinita ko sila na naghahanda nang pumaroon. Tutuon tayo rito sa isang lalaking ito na si Jim. Isa nga siyang mainam na lalaki. Nagmadali nga siya't sinabi sa kanyang asawa, sabi, "Asawa, alam mo kung ano? Nakita ko 'yung bituwin, kaya kinakailangan kong magtungo." At kaya siya'y naghanda na't nag-impake na, para pumaroon.

173 Yan nga ang problema sa mga tao sa panahon ngayon. Sila nga'y nagsusumikap na mag-impake ng dalahin, para maging Cristiano raw. Kung mayroon ngang isang bagay na kailangan mo, ay 'yun ay "magbawas ng dala-dala," para maging isang Cristiano. Napakarami nga nating bagay na humihila sa atin pababa ngayon.

174 "Nanay!" May magsasabi nga, "Ngayon, nanay, alam mo po, di ko nga kayang pumaroon nang hindi ko dala-dala itong mesa ko sa pagbabaraha," kaya ipinasan niya 'yun sa kamelyo. "Dahil, alam mo po, hindi ako masyadong magugustuhan ng mga kasama kong kalalakihan kung di ko dala-dala itong mesa ko para sa pagbabaraha."

175 Lahat nga ng mga bagay na ito na nagpapabigat sa iyo. At may munti ka pa ngang kahon dun ng pagka-makasarili, na inyo ngang isinabit din 'yun, siyanga rin. At nagsasabit pa nga kayo roon ng kaunting pagtsi-tsimis, may kaunting paninirang puri nang patalikod, may kaunting *ganito*, *ganoon*, ipapasan n'yo 'yun dun sa kamelyo.

176 At malalaman n'yo na lang, sa pagsampa niya dun, sasakay sa ibabaw ng kawawang kamelyo, sasabihin, "Sige na! Umusad na tayo!" Yung kaawa-awa ngang kamelyo'y di na siya halos makakilos. Talagang nabibigatan siya nang lubos na anupa't nasasakang na ang kanyang mga binti, halos.

177 At heto nga kayo na panay ang pagsikad at reklamo dito sa iglesya na pinupuntahan n'yo, at marahil dahil nga 'yan sa kayo'y nabibigatang husto na di na nito kayang umusad pa. Yan nga ang problema. Kinakailangan n'yong magbawas ng dala-dala, maghugas, maglinis, maiwasto. Amen. Ano nga ba itong nangyayari sa akin? Pansinin n'yo. Yun nga ang dahilan.

178 Nakikita ko naman ang iba na umusad, sila'y nakakakilos. At malalaman n'yo na lang, siya'y bababa nga't titingin muli sa bituwin. At kaya, malalaman mo na lang, sisimulan na niyang itapon 'yung mga mesa sa isang gawi, at 'yung iba ring dalalahin sa isa namang gawi.

Sasabihin nung asawa, "Saan ka papunta, John?"

<sup>179</sup> Sasabihin, “Akin ngang isinasantabi ang bawat pasan na sadya ngang pumipigil sa akin. Na heto, kinakailangan kong takbuhin ang takbuhin nang may pagtitiis. Sapagkat makipot ang pintuan at makitid ang daan, na anupa’t kakaunti lamang ang sadyang makasusumpong niyaon.” Ang tanging espasyo ay para lang sa iyo at kay Jesus. Wala nang iba pang makalulusot dun. Amen.

<sup>180</sup> Sabi nung asawa. Nauulinigan ko nga ang asawa na ang sabi niya, “Buweno, tingnan mo, haya’t nakalimutan mo yata ang kompas mo.”

“Di ko kailangan ng kompas.”

<sup>181</sup> “Naku’t nakalimutan mo yata ang digri mo sa seminaryo. Nakalimutan mo ang gawaing pangdangal mo’t lahat pa ng iba’t ibang bagay na ito na ipinapasan mo.”

Ang sabi niya, “Pakinggan mo. Di ko kailangan ng ano pa mang kompas.”

“Papaano ka n’yan paparoon kung ganoon?”

<sup>182</sup> Itinuro nga niya ang bituwin, sabi, “Ako nga’y paroroon sa pamamagitan ng inilaang daan ng Diyos. Naglaan ang Diyos sa akin ng bituwin para sundan, ’yun nga mismo ang magdadala sa akin sa Cristo na ’yun.”

<sup>183</sup> At anong gabi? Di natin kailangan itong naggagarbuhan, na mahahabang pagi-eskuwela, at lahat ng ito. Ang hangad nating lakaran ay ang inilaang daan ng Diyos. At ang inilaang daan ng Diyos sa panahon na ito ay ang bautismo ng Espiritu Santo, at ang mapangunahan ng Espiritu Santo, ang mga anak ng Diyos. Yan nga ang magdadala sa inyo sa inyong patutunguhan. Itabi nang walang liwag ang mga pasan. Itabi nang walang liwag ang anupamang ibang bagay. Manumbalik tayo sa apostolikong panahon. Ang pundasyon natin ay tiyak.

<sup>184</sup> Pinatunayan na ’yan sa atin ng Diyos, sa pamamagitan ng mga tanda, at mga kababalaghan, at mga litrato, at lahat na ng iba pa. Pinatunayan Niya mismo na Siya’y kasama natin.

<sup>185</sup> At sa buong dako ng mundo, ang maluwalhati’t marilag na Ebanghelyong ito’y nag-akay ng nasa isang milyon at limang daang libo patungo sa Kaharian ng Diyos, noong nakaraang taon. Nilampasan ng Pentecostal na iglesya ang lahat ng iba pang mga iglesya na narito sa lupa nung nakaraang taon, sa mga naakay pa lang, na isang milyon at limang daang libo na naitala. Hallelujah! Anong naging problema? Ito ang pinaka marilag na bagay dito sa lupa. Pero nakapasok sa kalagitnaan nila ang diyablo’t ibinunsod na magkawatak-watak sila na may napunta sa isang munting grupo *rito*, at munting grupo *roon*, at munting grupo *rito*, para sila’y magtalo-talo sa isa’t isa.

<sup>186</sup> Kung magagawa lang nilang kalimutan na ang pagiging makasarili nila’t lahat ng pagkakaiba nila sa isa’t isa, at sila’y

magkakapit-bisig sa isa't isa, na mga puso nila'y maglalakip, na iisa, ang Milenyum nga'y iiral na. Yan mismo ang kailangan natin ngayong gabi, kaibigan, at maglakip-lakip. Yan mismo ang kailangang gawin ng Branham Tabernacle. Yan mismo ang kailangang gawin ng lahat ng mga kaiglesyahan, ang maglakip sa iisang pagbubuklod, bilang isang indibiduwal, kay Cristo Jesus, na isang bagong-silang na sanggol, at lumakad dito sa tuwid, na makitid na daan, "Na minamasdan ang gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya, na si Jesus Cristo."

<sup>187</sup> Masdan n'yo rito. Na hindi itinataas ang ating tabernakulo at mga Doktrina nito, at iba pa, pero heto nga't sasabihin ko sa inyo ito, mga kaibigan ko. Halughugin n'yo ang buong mundo sa saan mang panig na naisin n'yo, at ito mismo ang sasabihin namin nang may itinataas, na wala na ngang ibang itinataas kundi si Jesus Cristo lamang na Anak ng Diyos. Haya't masdan n'yo ang bagay na ginawa ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat para sa munting iglesyang ito. Bumaling kayo at tingnan, kung gusto n'yo. Mula rito sa iglesyang ito rito, nagpasimula ang dakilang rebaybal na ito na rumagasa sa buong mundo. At tama po 'yan. Balikan n'yo nga, at tingnan kung di ba totoo. Ang Diyos ay kasama natin. Sa Kanyang pag-ibig at kaawaan, tingnan n'yo kung papaanong pinagagaling Niya tayo kapag may sakit tayo. Tingnan n'yo 'yung mga kaso ng kanser, at ang mga bulag, bingi at pipi, at lahat na ng iba pa na Kanyang pinagagaling sa mismong kalagitnaan natin, saan mang dako. Pagkatapos, heto rin na ganoon na lamang kasapat ang pag-ibig Niya't bumaba't ipinakita pa mismo sa mga siyentipikong mga pagpapatunay, na naglagay ng Kanyang pagpapatibay sa iglesya, na ang Kanyang litrato ay nakunan pa't taglay-taglay natin. Amen.

<sup>188</sup> Haya't, ang mga kritiko, sila'y magtitikom lamang ng bibig nila't aatras, at sasabihin, "Wala kaming masabi sa bagay na Ito." Amen.

<sup>189</sup> Ganoon na lamang ang katuwaan ko ngayong gabi, na ako pala'y isa mismo sa kanila! Ako'y galak na galak na isa akong Cristiano. Ganoon na lamang ang kagalakan ko na kabilang ako sa mga taong ito na nananampalataya sa dakilang pagkilos na ito. Sila . . . Haya't naniniwala ako na may ilang mumunting pagkakaiba. Tao lamang tayo. Pero, sa prinsipyo, iisa nga tayo. Tama. Tayo'y iisa. Sama-sama tayong titindig, bilang isang pangkat kay Jesus Cristo. Pinagpala mismo tayo ng Diyos at nagkaloob pa sa atin ng lahat ng mga kahanga-hangang mga bagay na ito.

<sup>190</sup> Isipin n'yo nga 'yun, na ako—ako nga'y maaaring wala rito mismo, ngayong gabi, kung hindi sa Panginoon, haya't sinabi na noon ng pinaka magagaling na mga doktor na di ko na raw kakayanin pang mabuhay. Pero heto nga ang Dakilang Doktor na bumaba't nagsabi, "Ang lahat ay nasa Aking mga kamay, at kakayanin mo ito." Sinampalatayanan ko Siya.

<sup>191</sup> Ano ang kalagayan ni Kapatid na babaing Weaver nung nakaupo siya rito noon? Haya't isang kalansay na mismo na nakaupo riyang sa silyang de gulong, noong dalhin nila siya rito para mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo; tinaningan na siya ng doktor na may hanggang umaga na lang daw siya, para mabuhay, dahil inuubos na siya ng kanser, na mga pito o walong taon na ang nakararaan. Pero heto nga siya ngayon sa gabing ito na kasama natin.

<sup>192</sup> Gaanong karami nga ang mababanggit ko, na pumasok at lumabas ng mga pintuang ito rito, na nung pumasok rito, ay mga pilay, at nabibigatang lubha't, may sakit, at lumpo, bulag, at lahat na ng sari-sari, na pinagaling. Diyan nga mismo sa isang munting pintuan na 'yan, na isang saksi sa pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus Cristo!

<sup>193</sup> Ano na nga ba dapat tayo ngayon? Ano na nga ba dapat ang Branham Tabernacle na ito ngayon? Dapat nga'y isang parola ng liwanag ito na nakatayo sa isa sa pinaka madilim na dako ng mundo, sa Jeffersonville. Kung may lugar nga na kailangan na kailangan ng Ebanghelyo, ang Jeffersonville nga 'yan. Tama.

“Pero may kung anong bagay bang mabuti ang maaaring manggaling sa Nazaret?”

Sabi, “Halika't saksihan mo.” Ganoon nga.

<sup>194</sup> Sa mga dakong madilim! Di natin kailangan ng liwanag sa araw. Kailangan natin ng liwanag kapag madilim. Diyan nga nagpapadala ang Diyos ng Liwanag, sa mga dakong madilim. Haya't napaka hirap po . . . Madali kung ang lahat ng bagay ay maayos ang takbo. Pero sa mga dako na siya'y nakikipagbaka nang may buong giting, doon nga sa mga dako na madidilim, sa mga dako na bako-bako ang takbuhin!

Ako ba'y dadalhin na lamang sa tahanan  
sa Kalangitan sa mabulaklaking higaan ng  
kaalwanan,

Samantalang ang iba'y nagbata para  
pagtagumpayan ang gantimpala at naglayag  
sa kalawakan ng duguang karagatan?

<sup>195</sup> Dito nga'y ang mga tao'y di nila kayang magkasundo-sundo sa gabuhok na paghihimay ng mga bagay-bagay at kung anu-ano pang maliliit na pagtatalo, at mga bagay na gaya nun; samantalang sangdaan at apatnapung libong mga pagano ang namamatay araw-araw, at kinakatagpo si Jesus, o yumayaon para katagpuin ang isang tuwid at tapat na Diyos, nang di man lang nila Siya nakilala. Sangdaan at apatnapung libo ang namamatay araw-araw, 'yan ang bilang ng mga namamatay na mga pagano na di man lang nakarinig sa Pangalan ni Jesus Cristo, na namamatay araw-araw. At habang tayo'y sige sa pagtatalo kung tayo ba'y Presbyterian dapat o Methodist ba dapat, o hindi. Nakakahiya! Kahiya-hiya!

196 Ang kailangan natin ay isang malayong tanaw. Hindi 'yung hanggang sa dulo lang ng inyong ilong ang kayang abutin ng inyong tanaw. Tumanaw nga kayo roon sa dulo ng daan. Kung ang iisipin ko lang ay 'yung ngayon, na *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*, hanggang sa araw lang na 'yun ang kinabubuhayan ko. Pero ako nga'y nabubuhay para sa Walang Hanggan, dahil may isang dako sa ibayo, na bagay na itinakda na noon pa man ng Diyos, at ako nga'y kakatagpo roon balang araw.

197 Masyadong nakain ko na yata ang oras; sampung minuto. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . sa biyaya ng Diyos at sa tulong ng Diyos.

198 May nasa dalawang taon na ang lumilipas nung hilingin ko sa Kanya ang isang bagay, nang paulit-ulit. Hinihiling ko nga 'yun sa Kanya nang maglalabing-limang taon na, itong isang bagay, at sa paglaon ay ibibigay rin Niya 'yun sa akin. At ako nga'y kakatok sa Kanyang pinto, kung ako'y mabubuhay pa sa susunod na taon, kung di Niya 'yun ipagkakaloob sa akin sa taon na ito, kita n'yo, itong bagay na hinihiling ko. Ito nga'y para sa Kanyang Kaluwalhatian, isang bagay na magagawa ko para sa Kanya sa malalayong dako. Kung pahihintulutan Niya ako, ay hahayo nga ako sa malalayong dako para umakay ng mga kaluluwa para sa Kanya, nang mas mainam, taglay ang mas pinag-ibayong lakas sa daan. At dalangin ko na gagawin nga Niya 'yan. Yan ang panalangin ko sa Kanya.

199 At heto ang patotoo ko sa inyo, na, kung inyo po lamang akong ipapanalangin at itataguyod sa Kanyang harapan, sa pananalangin, haya't makahahayo nga ako. Papaano ko nga magagawa ang isang bagay, kahit na anupaman ang mangyari, kung wala akong mga kasamahan na nagtitiwala sa akin? Kayo nga'y malaking bahagi nito kung papaanong kabahagi nga ako, o sinupamang iba. Malaki ang papel n'yo rito. Sa anumang bagay na ginagawa natin, kahit na mangaral pa tayo, anuman ang ipangusap natin; kung wala ngang maniniwala rito, wala ngang kahit na ano ang magagawa. Tama. Kabiguan lang ang mapapala, wala ngang kahit na ano ang magagawa, maliban na lang kung tayo'y magbubuklod-buklod at magtitiwala sa isa't isa. Ako nga'y nagtitiwala sa inyo at kayo'y nagtitiwala sa'kin. At, sama-sama, nananampalataya tayo sa Diyos, at naniniwala tayo na ang Kanyang Espiritu ang mangunguna sa atin.

200 Ngayon, Kapatid na Funk, ikaw na ba ang kasunod dito? May hawak ka kamong sanggol ngayon; maipapaumanhin ka nga muna. Kapatid na Wood, sa palagay ko ikaw na ang sunod. [Sinasabi ni Kapatid na Wood, "Si Kapatid na Jackson."—Pat.] Sige, at mukhang ipinapasa niya kay Kapatid na Jackson. Kaya sa palagay ko si Kapatid na Jackson ang kasunod. Pagpalain ng Panginoon ang ating Kapatid na Jackson, na kasunod na rito.

<sup>201</sup> Pagpalain kayo ng Panginoon. Iniibig n'yo—iniibig n'yo ba ang Panginoon? Gusto ko pong makita ang inyong mga kamay. Iniibig n'yo ba ang Panginoon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige.

<sup>202</sup> Kapatid na babaing Gertie, dito ka muna pansumandali. Gusto kong awitin n'yo ang isang ito kasama ko. Ang bawat isa po'y sumabay sa pag-awit. Susubukan ko po. Medyo paos nga ako, dahil may masamang sipon ako, at ako . . . may kung ano, sa bandang ulo ko, pero gusto ko pong tulungan n'yo ako sa pag-awit ng mainam na lumang awitin na ito. At bigyan mo nga ako ng tipa . . . ng kung ano riyen. Di ko alam kung anong tipa. Haya't, di ko nga alam kung anong tipa. Basta tipahan mo lang ako ng kung anong nota riyen, dahil gusto kong awitin ito, "dripping in blood," habang kasama kayong lahat. Dahil, itong Ebanghelyo na ipinapangaral ko, Ito'y nabububo sa dugo. Di po ba't pinaniniwalaan n'yo 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige, ang lahat po, sama-sama tayo ngayon.

The first on to die for this Holy Ghost plan,  
Was John the Baptist, but he died like a man;  
Then came the Lord Jesus, they crucified Him,  
He preached that the Spirit would save men  
from sin.

Keeps dripping with blood, yes, it's dripping  
with blood,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
The blood of disciples who died for the Truth,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

But then they stoned Stephen, he preached  
against sin,  
He made them so angry, they dashed his head  
in;  
But he died in the Spirit, and he gave up the  
ghost,  
And went to join others, that life-giving host.

Keeps dripping with blood, yes, it's dripping  
with blood,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
The blood of disciples who died for the Truth,  
This Holy Ghost Gospel . . .

Oh, there's Peter and Paul, and John the divine,  
They gave up their lives so this Gospel could  
shine;  
They mingled their blood, like the prophets of  
old,  
So the true Word of God could honest be told.



Keeps dripping with blood, yes, it's dripping  
with blood,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
The blood of disciples who died for the Truth,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

Pakinggan n'yo ito ngayon.

There is souls under the altar, crying, "How  
long?"  
For the Lord to punish those who've done  
wrong;  
But there's going to be more who will give their  
life's blood  
For this Holy Ghost Gospel and its crimson  
flood.

Tayo po'y tumayo na ngayon.

It's dripping with blood, yes, it's dripping with  
blood,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
The blood of disciples who have died for the  
Truth,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

<sup>203</sup> Hindi ba't nagagalak kayo na isa kayo sa kanila? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Anong klaseng Ebanghelyo? Ang siya ring Ebanghelyo na ibinigay sa kanila, ang siya ring mga tanda, siya ring mga kababalaghan na lumalakip, siya ring Haliging Apoy, siya ring Panginoong Jesus, siya ring pagpapagaling sa mga maysakit, siya ring kapangyarihan ng Espiritu, ang lahat nga'y umuusad nang pareho. Ang siya ring pag-uusig ay parating.

This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

Sabay-sabay po ang lahat.

It's dripping . . .

<sup>204</sup> Bumaling sa paligid at makipagkamay sa mga nariyan, at sabihin, "Purihin ang Panginoon!"

. . . dripping with blood,

<sup>205</sup> Hallelujah! Di po ba't kayo si Kapatid na . . .? . . . Purihin ang Panginoon! . . .? . . . Amen.

It's dripping with blood,  
Oh, the blood of disciples who died for the  
Truth,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

Oh, how I love Jesus,  
Oh, how I love Jesus,  
Oh, how I love Jesus,  
Because He first loved me.

Awitin pa po natin nang mas malakas pa. Itaas n'yo ang inyong mga kamay.

Oh, how I love Jesus,  
 Oh, how I love Jesus,  
 Oh, how I love Jesus,  
 Because He first loved me.

<sup>206</sup> Makalangit naming Ama, pinasasalamatan Ka po namin ngayong gabi dahil sa Panginoong Jesus Cristo, dahil sa Kanya mismong Kapangyarihan, dahil sa Kanya pong pag-ibig. At ang mapagkilala, na, sa dakila't, katangi-tanging araw na ito na aming kinabubuhayan, sa panahon na ang mga propeta roon ng sinaunang panahon ay paunang nakita na ang araw na ito at nagbigay ng mga utos ukol dito, na sinasabi kung papaanong "ang mga tao'y magiging matitigas ang ulo, palalo, maibigin sa layaw kaysa sa maibigin sa Diyos; na may anyo ng kabanalan, pero tinatanggihan ang Kapangyarihan nito." Haya't sinabi na niya noon pa na, "Magkakaroon ng mga manlilibak sa huling mga araw, at gagawing katatawanan, at kukutyain." At kami po'y nabubuhay na sa panahong ito, Ama.

<sup>207</sup> "Sa araw na iyon, ang mga karwahe ay magsisihagibis sa mga malalapad na lansangan. Magsisitakbuhan sila na parang kidlat. Ang anyo ng mga yaon ay gaya ng mga sulo." Ang lahat, ng dakilang propesiya na ito, ay natutupad!

<sup>208</sup> Hayan din na binanggit na noon ni Jesus, "Dadaluyong ang naglalakihang mga alon sa dalampasigan, paroo't parito sa may pampang ng dagat. At sa panahon na 'yun ay may matitinding tanda at mga kababalaghan na lilitaw sa kalangitan sa itaas, na mga flying saucer at mga bagay-bagay. Na dahil sa mga tanda na ito, ang mundo'y hahantong sa takot at panginginig. Magbubunsod ng mga lindol sa iba't ibang lugar, at lahat na ng uri ng mga bagay-bagay; at panahon ng kalituhan, at alitan sa pagitan ng mga bansa."

<sup>209</sup> At sabi Niya, "Sa araw na iyon, ang Israel ay uusbong." Hallelujah! Ang matandang bituwin ni David na may anim na tulis ay wumawagayway na roon sa Jerusalem, sa gabing ito, sa unang pagkakataon sa loob ng dalawampu't limang daang taon. Mga bansa'y nagkakasira. Nagsusupling na ang puno ng igos ng kanyang mga usbong!

<sup>210</sup> Lahat ng iba pang mga puno ay nagsusupling na ng kani-kanilang mga usbong. Yung masasama'y nagsusupling na ng kanilang mga usbong. Ang Romanismo'y nagsusupling na ng kanyang usbong. Ang Komunismo'y nagsusupling na ng kanya mismong usbong.

<sup>211</sup> At ang Iyo pong Iglesia'y nagsusupling na ng usbong Nito. Parating na ang panahon ng tagsibol. Oh, dakilang Panginoon ng Buhay, Ikaw nga'y pumailanlang na may kagalingan sa Iyo pong mga pakpak, Panginoon. At pagkalooban ang Iyong mga lingkod

ng lahat ng mga kapangyarihang ito't mga tanda, para maiunat ang kamay ng Iyong Banal na Anak na si Jesus, para magpakita ng mga himala't gumawa ng mga tanda, at para maipangaral ang Ebanghelyong ito sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo, Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>212</sup> Iyo pong pagpalain ang munting iglesyang ito. Pagpalain Mo ang pastor nito, Panginoon, ang minamahal naming kapatid na lalaki. Iyong pagpalain ang lahat ng mga may kaugnayan sa dako rito na kasama namin. Lahat po ng tumatawag sa Iyong Pangalan, saanmang panig ng mundo. Iyo pong tulungan, sa parating na taon na ito, Panginoon, tulungan kami na maging pinaka maiinam para sa Iyong gawain. Iyo pong ilayo ang sakit sa aming kalagitnaan. At pahiran kami ng Espiritu Santo. Iyo pong ilayo ang inggit, ilayo ang pagkaalit, ilayo ang selos, ilayo mismo ang lahat ng mga bagay na masama, palayo sa amin. At nawa'y masabi sa amin na kami nga'y Iyong mga anak, "Isang bayan sa ibabaw ng isang burol, na di maitatago." Iyo nawang ipagkaloob ito, Ama.

<sup>213</sup> Iyo pong pagpalain kami, at patawarin kami sa aming mga nakaraan. At magawa naming masabi, gaya nga ni Pablo, "Nililimot ang mga bagay na nasa likuran na, nagtutumulín sa hangganan ng dakilang pagtawag kay Cristo."

<sup>214</sup> Panginoong Diyos, Iyo pong isugo ako saanman na loobin Mo. Ako po'y handang humayo, gawin ang Iyong ipag-uutos ano mang oras.

<sup>215</sup> Iyo pong patawarin kami, heto't isinasamo ko po, muli. At banalin ang iglesya na ito para sa karangalan at kaluwalhatian ng Iyong Pangalan, at sa mga taong nakapaloob dito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>216</sup> Maaari na kayong maupo ngayon. Pagpalain kayo ng Diyos.

Well, now, there's going to be a meeting in the  
air,  
In the sweet, sweet by and by;  
I'm going to meet you, meet you over There  
In that Home beyond the sky;  
Such singing you will hear, never heard by  
mortal ear,  
It'll be glorious, I do declare!  
For God's Own Son, be the leading One  
At that meeting in the air.

Oh, there's going to be a meeting in the air,  
 In the sweet, sweet by and by;  
 Going to meet you, meet you over There  
 In the Home beyond the sky;  
 Such singing you will hear, never heard by  
 mortal ear,  
 It'll be glorious, I do declare!  
 For God's Own Son, be the leading One  
 At that meeting in the air.

You have heard of little Moses in the bulrush,  
 You have heard of fearless David and the sling;  
 You have heard the story told of dreaming  
 Joseph,  
 And of Daniel and the lions you often sing.  
 Oh, there's many, many others in the Bible,  
 And I long to meet them all, I do declare!  
 By and by the Lord will let us meet them  
 At that meeting in the air.

There is going to be a meeting in the air,  
 In the sweet, sweet by and by;  
 We're going to meet you, greet you over There  
 In that Home beyond the sky;  
 Such singing you will hear, never heard by  
 mortal ear,  
 Will be glorious, I do declare!  
 When God's Own Son will be the leading One  
 At that meeting in the air.

<sup>217</sup> Hindi ba't nalulugod kayo nang husto rito? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Grabe! May Isa nga na sadyang inaasam ko na makatagpo, higit sa lahat, at 'yun si Jesus. Kayo rin po ba? ["Amen."] Talagang ang pakiramdam n'yo ay galak na galak kayo, na malinis na malinis na, ganoong kadalisyay. Di po ba't 'yan ang nararamdaman n'yo ngayon? Para bang kayo'y kinuskos nang husto't malinis na malinis na! Talagang ganoon na lamang ang pag-ibig natin sa Kanya!

. . . meeting in the air,  
 In the sweet, sweet by and by;  
 Going to meet you, and greet over There,  
 In that Home beyond . . .  
 . . . will hear, never heard by mortal ear,  
 It'll be glorious, I do declare!  
 And God's Own Son will be the leading One  
 At that meeting in the air.

Hindi ba't nalulugod kayo rito? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, grabe!

You have heard of little Moses in the bulrush,  
 And you have heard of fearless David and his  
 sling;  
 You've heard the story told of dreaming Joseph,  
 And of Daniel and the lions you often sing.  
 Oh, there's many, many others in the Bible,  
 And I long to meet them all, I do declare!  
 By and by the Lord will let us meet them  
 At that meeting in the air.  
 And, oh, well, there's going to be meeting in the  
 air,  
 Sweet, sweet by and by;  
 Going to meet you, greet you over There  
 In that Home beyond the sky;  
 Such singing ever heard, heard by mortal ear,  
 Will be glorious, I do declare!  
 And God's Own Son will be the leading One  
 At that meeting in the air.

<sup>218</sup> Grabe! Gustung-gusto ko na talagang makapunta Roon. Di po ba't kayo rin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ilan po rito ang magsasabi, "Sa biyaya ng Diyos ninanais kong maparoon sa Dakong 'yun. Sa biyaya Niya"? ["Amen."] Purihin ang Panginoon.

Sige na po, Kapatid na Neville.

Manigong bagong taon, sa inyong lahat. Pagpalain kayo ng Diyos!



*BUHAY NA WALANG HANGGAN AT*  
*KUNG PAPAANO ITO MATATANGGAP* TAG54-1231  
(Everlasting Life And How To Receive It)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Bisperas ng Bagong Taon, Biyernes ng gabi, Disyembre 31, 1954 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)